Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Marso 25, 1951

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
MAR 28 1951



## Kahapon at Ngayon . . .

Noong mga unang araw ng pagkakatubos sa kapuluan, ang "BAGONG BUHAY" ay nililimbag sa isang maliit at lumang "minerva" na pinakikilos ng lakas ng tao. Ngayon, ang pahayagang ito'y nililimbag ng isa nang makabagong makina, ang "Goss Rotary Press" (*makikita sa larawan*) na nakalilimbag ng 20,000 sipi sa isang oras. Ang lalaking tumatanggap ng mga sipi ng "BAGONG BUHAY" buhat sa aming tagapamahagi ay isa sa maaagap na ahente ng pahayagang ito na kumukuhá ng kanyang rasyon upang maipamahagi sa mga nagsisipaglako.

(*Tingnan ang pahina 4*)




# "Ganito ang Pagluluto..."



**Si Gng. Basilio Valdes (Rosario Legarda) ay kilala na isang dalubhasang tagapagluto... mahilig magturo sa iba ng kanyang kaalaman. Makikita siya samantalang tinuturuan si Maria Tess Araneta sa tamang paghalo ng mga sangkap para sa "shrimp timbales" isang lutuing Purico!**



Kailangan ang mantika. . . kaya naman ang Purico ay nakahanda. Fayo ni Gng Valdes sa Iga nag-aaral ay ganito Ang Purico ay pinakamagaling, pinakamatipid sa lahat ng pag huhurno, pagpiprito at paggigisa



Nakita na ninyo! Haya't napakadali ng pagluluto ng binuhurnong "shrimp timbales" Talagang maaasahan ang Purico sa mahusay na paghuhurno "



"Aba, tingnan ninyo, naluto natin Tavo lamang at ang Purico " galak na galak na sambit ni Maria Rita Araneta. "Talagang marunong ang titser, ano?". . . at sa kanya'y sumasang-ayon sina Consuelo Araneta, Rose Marie Kahn at Erlinda Santos-Bayani

## "SHRIMP TIMBALES"

PTC Recipe #177

- ½ kilong hipon
- 2 kutsarang Purico
- 2 pula ng itlog
- 2 kalamansi
- 1 kutsarang arina
- 1 latang gatas
- 1 sibuyas (maliit) asin, paminta (panimpla)

Pakuluan ang hipon na may katas ng kalamansi. Alisan ng ulo at balatan. Dikdikin ang laman nito. Ihalo dito ang 2 kutsarang Purico, asin at paminta. Batihin ang pula ng itlog at ihalo sa mga sangkap. Gumawa ng puting salsa sa pamamagitan ng paghahalo ng 1 kutsarang Purico, 1 kutsarang arina, at gatas. Isama rin ito sa mga naunang sangkap. Ibuhos ito sa mga tasa upang ito'y ihurno. Pasingawan ito sa mainit na hurno (350°-400°F) anggang maluto.

*Galing kay Gng. Rosario Legarda-Valdes*
163 San Rafael, Manila




Ipadala ang inyong lutuin kay Purita, c/o Dept. 5, P. O. Box 302, Maynila. Sa malalathalang lutuin ay pagkakalooban kayo ni Purita ng isang handog. Sa isang takip ng Purico ay maaari rin kayong magkaroon ng alinman sa nalathalang lutuin.

*Always Pure! Always Rich!*

P-11-177

## "Humm! . . Hindi Umaandar Ang Ibang Tubo!"




Nalathala kamakailan sa pahayagang "Nieuwe Courant"
La Haya, Holanda

## Pagsasabog Ng Lagim . . !



Nalathala sa "The Dallas Morning News," Texas, Estados Unidos. Inilalarawan si Stalin na walang patumanggang nagtatatakbo sa paligid ng daigdig at naghahagis ng nagdiringas na palito ng posporo na sa anumang sandali ay maaaring magsindi sa mitsa sa itaas at lumikha ng malaganap na sunog sa sanlibutan.






**Ang brilyante ay isang hiyas na ang uri, ganda at kinang ay tumatagal nang habang panahon. Para sa mga sinsing, hikaw, pulseras, palawit sa kuwintas, at iba pang alahas na natatampukan ng mga brilyanteng mataas ang uri at katamtaman ang halaga, magsadya sa—**


**Velayo's**

Nangangailangan ng mga ahente para sa matataas na uring alahas sa Maynila o sa Lalawigan. Dapat maglagak ng P100 para sa mga muwestra.

Ang Tahanan ng Magiliw na Paglilingkod
Maghihiyas * Plateria * Reloheria
976-978 R. HIDALGO, MANILA
Tel. 3-38-36

Mayroon kaming bagong Katalogo. Kung hihiling sa pamamagitan ng koreyo, maglakip ng P1.00.

Makinig sa "Moments of Enchantment" ng Velayo's sa DZBB, tuwing Huwebes ng gabi sa ika 8:30-9:00.






**Sa unang larawan sa kaliwa ay makikita ang "cutting machine" o ang makinang pamutol ng papel ng BAGONG BUHAY. Sa ikalawa ay ang bahagi ng "composing department" o ang kagawaran sa pagsasakaha.**


# Ang "BAGONG BUHAY"... NOON at NGAYON

**NAGSIMULANG** lumabas na may dalawang pahina noong mga unang araw ng pagkakapalaya, ang "BAGONG BUHAY" ay nagdaan sa mahihigpit na pagsubok ng panahon bago narating ang kasalukuyang kalagayan na siyang kinikilalang tanging pahayagang pang-umaga ná nasusulat sa wikang Tagalog. Nang mga unang araw na yaon ng kagipitan, paghihikahos at pagsasalat sa mga sangkap at kagamitan sa palimbagan, ang "BAGONG BUHAY" ay nangyayaring humarap sa bayan sa pamamagitan lamang ng isang *minerva* at ng mga luma ring tipo na pinag-iinut-inutang isakaha ng masisipag at matitiyagang mga kahista. Sa simula ay marami ang humula na ang "BAGONG BUHAY" ay hindi magtatagal dagling "mamamatay", ang ibig sabihin. Nguni't ang hulang iyon ay hindi natupad. Sa matiyagang pagsasakit ng patnugutan at ng pangasiwáán, at sa pagtangkilik ng mga mamamayan, ang pahayagang ito'y nakaigpaw sa ibabaw ng malalaking balakid at mabilis na lumaganap hanggang sa dumating ang panahong matamo ang karangalang siyang kilalaning pangunahing pahayagang tagalog sa Pilipinas.


Ngayon.... ang "BAGONG BUHAY" ay nananatili nga sa larangan at patuloy na nakapaglilingkod sa bayan. Hindi tulad ng dati, ang palimbagan ng "BAGONG BUHAY" ay mayroon nang mga sapat na kasangkapán, kagamitan at makina sa paglilimbag, na ang ilan ay makikita sa mga larawang kalakip nito...



Ang "off-set press machine" ng **BAGONG BUHAY**



Ilan sa mga "minerva" ng **BAGONG BUHAY**



Ang apat na linotipya ng **BAGONG BUHAY**


Itinatangi
NG MGA
MANGLALARO...
"ART LARSEN"
Sapatos para
sa kampeonato
sa tenis
Opo, at sila'y niyari nang katangitangi upang maging paborito rin niyo!
Kayo'y sasang-ayon, tulad ng may maseselang mga paa, na wala nang higit na mabuting sapatos na dapat bilhin na gaya ng JACINTO!
Angkinin ninyo ang mga bago at tanging kabaguhang ito: MALAMIG NA PANG-ITAAS * TANGING LASO NG SAPATOS * MALAMBOT NA PANLOOB * DOBLE SUWELAS.
THE OKLAHOMA A & M
Basketball Type
Championship Shoe
Jacinto
RUBBER & PLASTIC CO., INC.
5th Avenue, Grace Park, Caloocan, Rizal
Tel. 2-67-67







## Malagim na Kamatayan . . .

Nakataas ang isang paa at dalawang kamay na tila itinataboy ang dumaratal na kamatayan, ang bangkay ng sibilyang koreanong makikita sa itaas na nasawi sa ligaw na punlo ng mga komunista ay naghihintay na ilibing ng mga kawal ng Magkakaanib na makikita sa larawan. Ang ganyang malungkot na tanawin ay karaniwang mamalas ngayon sa mga larangan sa Korea. (INP Photo.)








## Pinakamalakas na Pag-ulan ng Yelo . .

Ang siyudad ng Tokyo, Hapon ay hinagupit kamakailan ng pinakamalakas na bagyo ng yelo sa loob ng 15 taon. Sa pangyayaring iyon ay natigil ang lahat ng trapiko, nagpinid ang mga paaralan at nahinto ang lahat ng kilusang pangkabubayan at pambayan. Sa larawan ay makikita ang isang dalagang haponesa na naghuhukay ng makapal na yelong tumabon sa kanyang auto. (INP)




•VAA•

# *Ang* KATIALIS *ay Bumabati sa* BAGONG BUHAY...

... at para sa bagong kalusugan, bagong kakinisan, at bagong kalinawan ng balat, laging gumamit ng KATiALIS. Mabisa nitong nilulunasan ang mga sakit sa balat gaya ng: Taghiyawat, Galis, Buni, Ahas, Bulutong Tubig, Anghit, Kagat ng Maliliit na Hayop, Butlig pagkatapos Magahit, Balakubak, Pigsa, Anan, Alipunga, Ulsera, Bungang-Araw, Pekas, Masamang Butlig, Sunog sa Araw, Mga Sugat, at iba pa.

Laging gumamit ng KATIALIS – ang mapagkakatiwalaang pamuksa sa lahat ng karamdaman sa balat!

Ang KATIALIS ay mabibili sa mga botika o sa Laboratoryo Locre. Mga halaga: Maliit na sisidlan P0.60, Katamtamang Laki P1.50, Malaki P2.80.

LABORATORIO DEL LOCRE DR. LORENZO C. REYES

## *Laboratory Locre*

**405 SAN LAZARO, MANILA•TEL. 2-68-42**

FORMULA: MENTHOL 0.40GM., RESORCINOL 1.50GM., SALICYLIC ACID 3.00GM., ZINC OXIDE 3.00GM., PRECIPITATED SULPHUR 3.00GM., BENZOINATED LARD 30.00GM., OIL OF BERGAMOT Q.S.

# Karimlan



**Inutas ng mga hapones ang mga kaluluwang mahal sa kanyang buhay... at siya'y nangakong maghihiganti! (Kagandahang loob ni Milagros Naval, tumutupad ng mahalagang papel sa "David at Goliath" ng LVN Pictures.)**

*Katha ni* ***PABLO N. BAUTISTA***

**HINDI HALOS MAKAPANIWALA ANG LALAKI SA KATOTOHANANG IPINAGTAPAT NG BABAE. NGUNI'T ANG KARIMLAN NG SILID NA YAON AY SIYANG NAGLANTAD NG MALINAW NA KATIBAYAN...**

**ARINIG** ng babae ang mahinang kaluskos na sinundan ng mariing yabag. Bahagyang kumilos ang babae sa kanyang pagkakahiga.

Kaginsa-ginsa'y isang anino ang biglang natambad sa durungawan at mabilis na lumapit sa higaan ng babae.

—Ayyy! Sino ka...?

—Huwag kang sisigaw kung di mo gustong mamatay!

Nanginginig na nagbabalabal ng kumot ang babae.

—Huwag kang kikilos sa iyong higaan...

—Nguni't ano ang iyong kailangan?

—Walang maraming salita.

Mabilis na lumingap sa paligid ang lalaki. Natambad sa magkabilang panig ng silid ang anino ng babae at lalaki. Napapaligiran sila ng salamin. Malamlam ang liwanag ng luntiang ilawan. Madilim sa looban. Walang lumilikha ng ingay maliban sa sumisinsing patak ng ulan.

—Huwag kang kikilos nang masama. At huwag kang sisigaw.

—Bahagyang ibinaba ng lalaki ang kanyang rebolber. Malikot ang paningin ng lalaki.

—Ano ang kailangan mo? —Humigpit ang hawak ng babae sa nakabalabal na kumot.

—Ako ang magtatanong. Aabot din tayo sa tanungan.

Bahagyang lumapit ang lalaki sa hihigan ng babae. Mabilis na dumagison ang babae sa pagkakaupo.

—Talaga yatang tigasin ka. At ayaw man lang atang malapitan, a. Maselan pa pala 'to.

Muling humakbang ang lalaki. Isang matalim na sulyap ang ipinukol ng babae sa lumalapit na lalaki.

—Huwag kang lalapit.

Tumigil ang lalaki. Sandaling nagmatyag. Sa di kalayuan ay may bahagyang ingay na umulinig.

—Sino ang dumarating, babae?

—Aywan. —Tinanaw ng babae ang lalaki. Nakita niyang mabalasik ang mukha nito.

Mabilis na sumilip ang lalaki sa bahagyang siwang ng bintana. Sa malayo, gumagalaw ang ilang di-maanag-ag na anino. Bahagya na lamang matanaw sa masinsing patak ng ulan.

—Mayron ka bang darating na kaibigan?

Isang matalim na sulyap ang ipinukol ng babae sa lalaki.

—Wala kang pakialam kung mayron man.

—Talagang tigasin ito. Tinatanong kita babae. — Itinaas ng lalaki ang kanyang rebolber. Itinutok sa babae.

—Hindi ko nalalaman.

Umurong ang lalaki. Muling nagmatyag sa paligid Lalong nagpupuyos ang malakas na ulan.

Nagtawa ang babae. —Matapang na lalaki. Kung ako ang may hawak ng rebolber na 'yan... —Muling nagtawa ang babae, malakas na tawang animo'y halakhak. Nagpabalik-balik ang ulinig niyon sa bawa't sulok ng silid.

—Tumigil ka, babae. Baka mabaril kita. —Muling itinaas ng lalaki ang rebolber.

—Tumigil...? Babarilin... —Hindi na humalakhak ang babae.

—Tumigil ka sa pagsasalita. —Kumalatok ang rebolber ng lalaki. Nagtiim ang bagang ng lalaki. At sa paningin ng babae ay lalo itong naging mukhang mabalasik.

—Bago kita patayin ay bibigyan kita ng pagkakataong makapagpaliwanag.

Tinanaw ng babae ang lalaki. Hindi kumukurap ang babae.

Lumayo ng kaunti ang lalaki Matatag ang kanyang kamay sa pagkakahawak sa rebolber.

—Luningning D. Bayan ang iyong pangalan, hindi ba?

—Bakit mo nalalaman?

—Ako ang nagtatanong, babae, at hindi tinatanong. — Tumangu-tango ang lalaki. Nanguuyam ang kanyang titig.

—Ilang Hapon ang iyong kaibigan?

—Marami. — Hindi tumititingin ang babae sa lalaki.

—Mayrong sampo?

—Mayrong sandaan!

—Nagpupunta sila rito gabi-gabi?

—Hali-halili silang nagpupunta rito.

Muling tumangu-tango ang lalaki. Nanlilibak ang tingin nito sa babae.

—May nagpupunta ba ritong Pilipino?

—Hindi ako tumatangap ng Pilipino.

—Talagang Hapon lang gusto mo, ano?

—Oo.

—Magaling na babae. Hapon lang ang gusto. Ayaw ng Pilipino. Wala bang ibabayad ang Pilipino?

—Basta't ayaw ko sa Pilipino!

**(Buklatin sa pahina 22)**

PARA SA HIGIT NA PINONG PAGTAKBO NG MAKINA
GUMAMIT NG
VALVOLINE MOTOR OIL
IPINAMAMAHAGI NG
AJAX INTERNATIONAL CORP. CHRONICLE Bldg. TEL. 3-32-37


# Ang PUPPIES ay NAPAKASUWABE!



"Ginawa ko ang pagsubok sa loob ng limang linggo ukol sa kasuwabihan at ngayon ay Puppies ang sigarilyong naiibigan ko. Bilang isang mang-aawit, kailangang pangalagaan kong mabuti ang aking lalamunan. Iyan ang dahilan kung bakit Puppies ang aking hinihitit."

*Belle Gonzalez*

Si BELLE GONZALEZ, na ang magandang tinig ay hinahangaan ng marami, ang umawit ng "WHY SHOULDN'T I" sa kanyang huling plaka ng MILTONE.



C. N. YUVIENCO, M.D.

Naibunyag ng 5-linggong pagsubok na pinangasiwaan ni Dr. C. N. Yuvienco, kilalang manggagamot, na ang malimit na paghitit ng sigarilyong PUPPIES ay hindi nagdudulot ng kapansanan sa lalamunan. Libu-libong mga lalaki at babae sa buong Pilipinas ang humitit ng PUPPIES sa loob ng limang linggo at walang kahit isang dumaing na napinsalaan ng lalamunan o iba pang masamang pakiramdam.




50¢ ISANG KAHETILYA

*Subukin ninyo ang PUPPIES at tamasahin ang sagana, ganap na lasa ng suwabe, ginintuang tabakong Amerikano. Gawing ang 5-linggong pagsubok at matutuklasan ninyo kung bakit ang bala na, kahit saang dako ay sinasabing ang PUPPIES ay...*

**Napakasuwabe at tunay na Kasiya-siya!**

PUPPIES ay rehistradong tatak, U. S. Patent Office, August 19, 1942

IDEAS P-53

# TALAANG BUGHAW
# Ukol sa Pebrero

### ni A. G. ABADILLA

**ANG PEBRERO**. Ang buwang ito, sa kalahatan, ay mabuti-buti na. Makatwiran lamang na ang kasiyahang tila pinangulutding ng tinalikdang buwan ay muling manariwa sa may-ari ng TALAANG BUGHAW. Harinawang ang kasiyahang ito'y magpatuloy na di sasalang makabubuti sa mga kinauukulan at sa Panitikan.

Ang Pebrero, bagaman di katanging-tangi, ay nagluwal ng dalawang napagkalooban ng Tatlong (***) bituin: ang **Planeta, Buwan at mga Bituin** (katha, Bagong Buhay) ni E. Kapulong, at **Pakpak na Itim** (tula, Liwayway) ni Teo. S. Baylen. Ang dalawang ito'y nakatitiyak na ng pagkasama sa taunang pamimili o sa "Talaan ng Taon." Hindi nangangahulugang ang nagtamo ng tatlong bituin ay mga dakila: sapat na sa may-ari ng TALAANG BUGHAW ang kasariwaang pampang-isiping dinadala sa isang akda, maging katha o tula.

Nagsilang din ang buwang ito ng labing-isang katha at tatlong tulang napagkalooban ng dalawa at kalahating (**½) bituin: **Si Mr. Oko** (katha, Liwayway) ni Miguel C. Arguelles; **Hinanakit** (tula, Advocate, FEU) ni Rolando P. Bartolome; **Mataas na Lipunan** (katha, Liwayway) ni Beatriz Geronimo-Boguslav; **Damdaming Lalaki** (katha, Ilang-ilang) ni Hilario L. Coronel; **At nang Lumaya** (katha, Advocate, FEU) ni Isagani D'Alarne: **Ang Boksingero** (katha, Liwayway) ni Elpidio Kapulong: **Tahimik na Gabi** (tula, Ilang-ilang) ni Jose Domingo Karasig; **Uliran** (katha, Ilang-Ilang) ni Rosendo Mojica; **Indian Cowboy** (katha, Liwayway) ni Clodualdo del Mundo; **Kapit-Bahay** (katha, Liwayway) ni Amado S. Pagsanjan: **Takas** (katha, Liwayway) ni Gemiliano Pineda; **Sira ang Tugma ng Buhay** (katha, Liwayway) at **Baligho ang Buhay** (tula, Liwayway) ni Manuel Car. Santiago: **Kay Gandang Simula** (katha, Torch, PNC) ni Alfonso O. Santiago.

Kapansin-pansin sa mga napagkalooban ng dalawa at kalahating (**½) bituin ang **Kapit-Bahay** ni Amado S. Pagsanjan. Isa ito sa halimbawa ng isang kathang maayos, makinis at matimpi ang pagkakasulat. Hindi naging sapat, sa kabila ng mga iyan, sapagka't mga katangiang pangkaanyuan lamang at hindi pampang-isipin na siyang una at huling hantungan ng kalamnan. Hindi ganoong napalabas, ang ibig sabihin ng awtor, sa hanggahang sapat na ikapagkakulay nito bilang pang-isiping mahalaga. Ganyan din ang masasabi sa **Pasko Alinmang Araw** (katha Varsitarian, Enero) ni Liwayway A. Arceo.

**TALAAN NG KARANGALAN**

MGA PANANDA: MK, Maikling Katha: T. Tula; **B. Bulaklak; L, Liwayway; I, Ilang-ilang; V, Varsitarian; A. Advocate; T, Torch; Q,Quezonian; BB, Bagong Buhay.**

**AGUINALDO, AIDA L.**
* Hindi Iknahiya (MK-L-12)

**ALVARO, MIGUEL B.**
** Sa Dati ring Pugad (T-I-8)

**ANGELES, ANASTACIO T.**
** Namulaklak na Ligaya (MK-B-14)

**ANTONIO, JOSEFINA E.**
** At Patuloy ang Karimlan (MK-BB-4)

**ARCEO, LIWAYWAY A.**
** Ang Babaing Laging Nakadungaw (MK-L-26)

**ARGUELLES, MIGUEL C.**
** ½ Si Mr. Oko (MK-L-19)

**BARTOLOME, BENJAMIN A.**
** Ang Pasikatero (MK-L-26)

**BARTOLOME, ROLANDO P.**
**½ Hinanakit (T-A-Enero)

**BAYLEN, TEO S.**
*** Pakpak na Itim (T-L-19)
* Ikaw sa Kasalatan (T-I-22)

**BOGUSLAV, BEATRIS GERONIMO**
** ½ Mataas na Lipunan (MK-L-19)

**BUHAIN, AMPARO R.**
* Pagmamahal (MK-L-26)

**BUSTAMANTE, ANACLETO L.**
* Dugo ng kanyang Dugo (MK-B-21)

**CAINGLET, GREGORIO F.**
** Himala ng 'Genuine. (MK-B-7)

**CALINGASAN, MELITON A.**
** Unang Pagsuyo (T-I-15)

**CASTILLO, DOMINADOR AD.**
* Matigas na Lupa (MK-BB-18)

**CONDINO, BENJAMIN V.**
** Tagpo sa Ibabaw ng Bangkay (T-V)

**CORONEL, HILARIO L.**
** ½ Damdaming Lalaki (MK-I-8)

**CRUZ, FELI DE LA**
* Limang Tabletas (MK-I-8)

**CUCIO, ANNA O.**
** Pag-asa (T-T-Enero)

**D'ALARNE ISAGANI**
** ½ At nang Lumaya( MK-A-Enero)

**DIAZ, REYNALDO K.**
* Sa Likod ng Dilim (T-I-1)

(Buklatin sa pahina 22)

BALITA. Ang Talaan, gaya ng makikita, ay higit na mahaba ngayon kaysa nang nagdaang buwan. Samantalang 46 na awtor lamang ang laman ng tinalikdan, ang Talaan ngayon ay naglalaman ng 61. Ito ang dahilan kung bakit dalawang bilang ng Advocate, isa ng Quezonian, isa ng Filipinas, at isa ng Torch, sa Pebrero, ang hindi kabilang. Sa susunod na mapapasama.

Ang may-ari ng TALAANG BUGHAW ay nagpapasalamat sa mga Patnugot at Patnugutan ng mga babasahing nagbibigay sa kanya ng mga siping walang bayad, gaya ng **Bagong Buhay, Ilang-ilang, Liwayway, Varsitarian, Advocate, Torch, Quezonian, Filipinas,** atbp.

ANG KATHANG PAMPANITIKAN. Maaaring itanong, at sa paraang pabalbal, kung anong hayop itong tinatawag ngayong **kathang pampanitikan na iba sa karaniwang kuwento na** nalalathala sa mga babasahing pambalana? Nagamit na rin lamang ang salitang hayop ay itutuloy na ang paghahawig nang paganyan nang sa gayo'y di nasisira ang ilusyong nalikha na sa isip.


Pampanitikan o hindi man, ang maikling katha sa kalahatan, ay maihahalintulad sa hayop, at hayop na nahahati sa dalawang masaklaw na uri: yaong hayop na nabubuhay sa katihan, at ikalawa, yaong nabubuhay sa dagat. Samantalang ang una'y walang ibang pangalan kundi hayop din, ang ikalawa, ay mayroon, at iyan ay ang isda. Ito, sa malawak na kahulugan ay hayop din, lalo pa kung isasaalangalang ang hangaring maipaliwanag, sa paraang lalong makatao, ang isang bagay na hindi nasasalat ng kamay.

Sa malas ay makabubuti kaysa hindi na tawaging hayop sa dagat, kaya isda, ang kathang pampanitikan, at yaong hindi ay tawaging karaniwang hayop na lamang. Samakatuwid, ang isda, hayop man, ay di karaniwan. Tila may katwiran ang ganitong paghihiwalay at pagbubuklod, sapagka't samantalang ang karaniwang hayop ay may matigas, at madalas pa nga'y maganit, na laman, ang laman ng isdang-hayop ay malambot at walang gatil. Sapagka't karaniwan nga lamang, kaya di rin kataka-takang masumpungang marami at naglisaw sa lansangan ng panitikang Tagalog.

Makikita, hindi pa man, na dito'y pagsisikapang mapaghiwalay at mapagbukod ang dalawang iyan: ang maikling kathang pampanitikan at ang maikling kathang karaniwan at sinasabing komersiyal. Maitatanong, samakatuwid, kung ano ang nasa kathang pampanitikan na wala sa kathang komersyal, karaniwan at pambalana.

ANG KATHANG KARANIWAN. Ito, katulad ng **kathang pampanitikan, ay nagtataglay ng paksa diwa, nilalaman, suliranin, paglalaban** (na madalas ay panlabas) mga pangyayari, karurukan at kung anu-ano pang napag-aralan na bilang bahagi ng pamamaraan sa agham o sining ng pagkatha. Subali ang kathang karaniwan ,di tulad ng kathang pampanitikan, ay hindi nagaangkin ng mahalagang pangisipin na pinakakaluluwa ng kalamnan, at kalamnang kung wala ang mapaglikhang awtor ay wala rin ang pang-isipin o

(Buklatin sa pahina 26)




# Sumali sa Timpalak ng MARCELO sa 1951

## Magtamo ng P10,000 at Paunlarin ang Inyong Industriya sa Bahay!

### SUNDIN ANG MADADALING KAUTUSANG ITO NG TIMPALAK!

1. Idinaraos ang timpalak na itong pinangangasiwaan ng Marcelo Rubber & Latex Products, Inc., alangalang sa dalawang pangunang layunin, una, pasiglahin sa mga Pilipino ang pagbubukas ng mga industriyang pangtahanan; at, ikalawa, tumulong sa pagpapalaganap ng mga industriya sa Pilipinas, lalo na sa mga mamamayang may hilig sa industriya at nakatira sa makukunan ng mga sariwang sangkap na magagamit sa isang mahalagang industriya.

2. Ang timpalak ay binuksan noong Marso 1 at ipipinid sa Hunyo 30, 1951. Ang mga pantimpalak na may tatak ng koreo makaraan ang hatinggabi ng Hunyo 30 ay hindi na tatanggapin.

3. Ang timpalak ay bukas sa lahat ng naninirahan sa Pilipinas, matangi sa mga pinuno at kawani ng Marcelo Rubber & Latex Products, Inc., gayon din sa mga kinikilala nitong tagapamahagi at sa mga kaanak nila.

4. Sa loob ng panahong itatagal ng timpalak, ang lahat ng bibili ng mga Sapatos na de Goma ng Marcelo o ng Marcelo Foamtreads ay pagkakalooban ng may tindahan ng isang kupong katumbas ng 1,000 puntos.

5. Magtipon ng mga kupong ito sa daming hanggang sa magagawa at ipadalang KASAMA NG DALAWANG (2) DULO NG KAHON NG SAPATOS NG MARCELO NA IKAKABIT SA BAWA'T KUPON sa Marcelo Rubber & Latex Products, Inc., P. O. Box 2956, Maynila, sa o bago dumating ang araw ng pagpipinid ng timpalak sa hatinggabi ng Hunyo 30, 1951.

TATANGGAPIN NAMIN ANG MGA PANTIMPALAK NA HINDI LAMANG BUHAT SA ISANG MAMAMAYAN, KUNDI NG MGA BUHAT MAN SA PANGKAT NG MGA TAO O SAMAHAN NA NAGSAMA-SAMA NG KANILANG MAGAGAWA.

6. Ang mga mananalo ay pasisiyahan alinsunod sa kabuuan ng puntos na ihaharap sa Marcelo Rubber & Latex Products, Inc., sa panahong itatagal ng timpalak. Ang makapagpadala ng pinakamaraming bilang ng puntos ay tatanggap ng unang premyo, gayon din ang mga iba pa. Ang pasiya ng hurado ay magiging pangwakas.

7. Ang lahat ng magwawagi ay pagpapatalastasan sa pamamagitan ng koreo. Ang talaan ng mga nanalo ay ilalathala sa mga pahayagan at magasin sa lunsod nang hindi lalampas sa Hulyo 31, 1951.

*TATLONG MALALAKING GANTIMPALA:*

**a. UNANG GANTIMPALA**

| | |
|---|---|
| Makinang Panggawa ng Aspili ng Papel (may motor at 'turntable) | |
| na nagkakahalaga ng ................ | ₱4,000.00 |
| Kasama ng mga sangkap na nagkakahalaga ng .............. | 500.00 |
| Kasama ng salaping ............... | 500.00 |
| Kabuuang Halaga ............ | ₱5,000.00 |

**b. IKALAWANG GANTIMPALA**

| | |
|---|---|
| Makinang Panggawa ng 'Hairpin' | |
| na nagkakahalaga ng ............... | ₱2,000 00 |
| Kasama ng mga sangkap na nagkakahalaga ng .............. | 500.00 |
| Kasama ng salaping ............. | 500.00 |
| Kabuuang Halaga ............. | ₱3,000.00 |

**c. IKATLONG GANTIMPALA**

| | |
|---|---|
| Makinang Panggawa ng Klip ng Papel | |
| na nagkakahalaga ng .............. | ₱1,000.00 |
| Kasama ng mga sangkap na nagkakahalaga ng .............. | 500.00 |
| Kasama ng salaping ................ | 500.00 |
| Kabuuang halaga .............. | ₱2,000.00 |

d. **Mamamahagi ng mga GANTIMPALANG PAMPALUBAG-LOOB sa mga ibang mananalo sa ayos na mga Kahong ang mga Laman ay Hahangaan.**



**Marcelo**
**RUBBER & LATEX PRODUCTS, INC.**



PLANT I & SHIPPING DEPT. — MALABON, RIZAL — TEL. (DIAL 20) Ask 538 or 179 — PLANT II & MAIN OFFICE

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

**(KARUGTONG)**

—Ano ang ginagawa mo ngayon, kaibigang Faustino? — ang tanong niya sa akin.

—Naghahanap-buhay nang unti-unti sa madlang bagay na pakikinabangan sa maliit kong lupain — ang sagot ko.—Ang kaunting kaya'y pinagpipilitang makasapat.

—Kung baguhin ko ba ang kasalukuyang pagkakaayos ng Surian ng Wikang Pambansa at ilagay kita roon, ay tatanggapin mo?

—Sapagka't nauukol sa wika, ang sagot ko, ay aking lisipin; nguni't ang ipinamamanhik ko sa iyo ay huwag na sanang mangyari na ako'y mapalagay saan man nang hindi muna tayo nagkakausap at ang ibig ko, tungkol sa iyong binabalak gawin, ay kausapin mo muna ako bago ituloy. Paris ng nangyari sa pagkakalagay kong ito sa Lupon; inakala kong dahil sa hindi tayo nagkausap sa makalawa kong pagparito dahil sa iyong anyaya, ay ipatatawag mo akong muli; datapwa't sa mga pahayagan ko na lamang nabatid ang pagkakalagay ko...

—Alam mo'y aking inakala na ikaw ay kailangan sa Lupon —ang kanyang pakli.

—Salamat sa iyong mabuting palagay sa akin, datapwa't akin sanang sasabihin noon sa iyo, at sinasabi ko na rin ngayon, na dahil sa kaibigán kong huwag maging sanhi ng pagkabigo ng iyong pangangasiwa ngayon sa mga kapakanan ng Bansa, ay iba na sana ang ilagay at huwag akong matagal nang nalalayo sa manggagawa, na maaaring wala nang lakas sa kanila.

—Aba, hindi ko inaalala ang gayon. Ang gawain ng Lupon ay ukol sa kabutihan ng mga manggagawá at sa palagay ko'y pagpipitaganan nila ang Lupon.

—Mapaiba ako ng salitaan, na binago ko na ang usapan, ay ibig kong magtanong sa iyo, ukol sa ating katayuan. Ganito na ba tayo? —ang tanong ko.

Si Vargas ay hindi agad nakasagot, nagkibit ng balikat at saka ang sabing halos pabulong:

—Ano pa, ito ang ating katayuan. Sa katugunang iyo'y napagwari kong ang ibig niyang sabihin ay talunan tayo, na walang dapat asahan sa ngayon, na ang kailanga'y sumunod nang walang pasubali.

—Kaya ko naitatanong ang ganitong bagay — ang pasubali ko — ay sapagka't hindi sang-ayon ang bayan sa nangyayari at kanyang nakikita. Ikaw lamang ang hindi pa gaanong napipintasan; nguni't ang iyong mga kasama'y sinusumpa at tinatawag na...

—Ganoon ba? — ang nananabik niyang tanong. Pumarito ka nga isang araw at tayo'y magniig ng pag-uusap. Ibig kong maalaman ang katotohanan.

At kami'y naghiwalay. Siya'y humawak ng babasahin sa maraming kasulatang naghihintay ng kanyang lagda, at ako nama'y lumabas na sa mga kasama kong naghihintay sa akin.

Sa gayon natapos ang aking pakikipagkita sa pinuno ngayon ng pamahalaang nakatayo. Dahil sa napakarami niyang gawain áy hindi ko matiyak kung kailan ako dapat na magbalik, bagama't ang pagnanais niyang makausap akong muli ay ibinalita ko sa isa sa mga kawani sa Malakanyang na nakaaalam ng pagtanggap sa mga panauhin ni Vargas. May salitaan kaming sa araw na aking ibigin, ako ay makipag-alam muna sa kanya sa telepono upang mabatid ko kung walang sagabal akong matatanggap. Pag-aaralan ko kung ako'y magbabalik...

---

Napipilitan akong patdin muna ang aking pagsasalaysay, upang itala sa bahaging ito ang aking nakita ngayon lamang, na pangyayari. Ika-12 at 10 minuto ng tanghali ngayong ika-7 ng Mayo ng 1943, ay idinaraan sa tapat ng aking bahay ng mga kawal ng Hukbong Hapon, na may kasamang mga pilipinong tagabuhat, ang maraming mga kasangkapang lulan ng dalawang track na kinuha sa bahay na tinitirhan, dito sa malapit sa tahanan ko, ng isang puting nagngangalang Muni, mamamayang amerikano, at sa bahay ng isa namang nagngangalang Skow, mamamayang danes na silang sa Estados Unidos. Si G. Skow ay namamahay na ang kasama'y isang matandang dalagang kapatid na may damdam. Sa dami ng mga kasangkapang lulan ng mga nagdaang track ay ipinalalagay kong walang natira, sa mga bahay na pinagkunan, kundi ang mga higaan lamang marahil at ilang maliliit na bagay na hindi dinala ng nagsihakot. Ang nangyari'y isa pang pagmamasagwa sa palagay ko, paggahasa sa mga taong nananahimik na walang ibang kasalanan marahil kundi naging puti nga lamang. Sinasabing tapos na raw ang mga panahon ñg kasagwaan at pagwalang-bahala sa mga karapatan ng bawa't isa; nguni't itong nangyayari ngayon ay maliwanag na tandang ang linta ay hindi pa pala nabubusog.

Nagbalik na naman ang isang truck at mayroon pa yatang hahakutin sa mga bahay ring iyon. Hindi lamang ibig ng lintang magbusog, ibig pa ang magpakabundat.

---

Ipagpapatuloy ko ang pagtatala ng ukol sa pakikipagkita kong ito sa kaibigang Vargas. Sa sandaling pagkakatigil ko sa kanyang tanggapan ay maraming kabaguhan ang napansin ko. Sa bulwagan ng Consejo de Estado, ang nakapalamuti ngayon ay isang magandang larawan ni Vargas: ang larawan ng Pangulong Quezon na dati'y siyang nakalagay roon, ay wala na at aywan kung nasira, o itinago. Sa talagang tanggapan ng ating Pangulo na nasa Estados Unidos ngayon upang mapangalagaan ang ating kapakanan sa digmaang ito, ay nawala ang ilang mahahalagang palamuti, na dati'y nagbabansag sa dumadalaw na kababayan at dayuhan ng pagkapilipinong lubos ng ating dakila at marangal na pinuno: naroroon pa nga ang isang malaking larawan ni Rizal, nguni't nakatatawa, ang kasama roon ni Rizal ay isang manikang hapon na mainam ang kimono at nakasalalay pa sa isang sadyang patungan na anhin mo'y diwatang siyang kumakandili sa lahat ng naroroon. Pati na sa kaibigan kong Vargas, na pangulo ngayon at pinunong kataas-taasan ng Pamahalaang nakatayo?

Malalaking bagay nga pala ang ibinubunga ng pagkakaiba ng hari; katotohanan ngang sa bagong hari ay bagong ugali.

### NILILIGAWANG DALAGA O PINAGLALARUANG DAGA?

Hapon ngayon ng ika-7 ng Mayo ng 1943 at sa sandaling ito'y ginaganap sa bagong Luneta ang isang pagdiriwang na ukol sa ikasantaong pagkakabagsak ng Corregidor. Ganitong araw noong isang taon nang isuko ng mga amerikano ang Corregidor sa nakalalamang sa lakas at dami ng kawal na Hukbong Hapon at ang gayong pagkakasuko ay ipinalalagay ngayong unang hakbang ng pagbagsak na sa kasilanganan ng paghahari ng mga puti, at ang mga pilipino kahi't maaaring may sariling kanilang palagay sa nangyari, ay napipilitang makisalamuha sa mga pagdiriwang na ginagawa. Ang dadalo sa mga pagsasaya, na alinsunod sa palatuntunan ay may kahalong pagbati sa palasyo ng Emperador ng Hapon, ay mga kawani ng pamahalaan, mga tauhan ng mga bahay-kalakal at saka ang nagsisibuo ng Kalibapi at ang tatag na Samahan ng Magkakapit-bahay.

Ako, na kasalukuyang Pangulo ng isang Kapisanang Pampook dito sa San Francisco ng Samahang nasabi, ay dapat sanang dumalo, nguni't hindi na ako naparoon sa mga dahilang tila hindi na dapat pang sabihin. Sukat nang banggitin, na sa aking palagay, ang isang bayan, talunan man, ay hindi na dapat pakasangkapan sa mga "palabas" na gaya ng ginagawa ngayon sa Luneta, ay tunay malabis na pagpaparangya kung di man isang palalong paghahambog. Ang pagkakasuko ng Bataan at Corregidor ay walang ibang kahulugan, sa isang digmaang gaya ng nangyayari, kundi ang karaniwang pagkahulog sa kamay ng kaaway ng isang tanggulang pinaglabanan, nguni't sabihing ang pagkakasukong iyan ay tanda ng paglubog sa dakong ito ng isang kapangyarihang mapaniil upang mapalitan ng isa namang mapanubos sapagka't silanganin, ay tila pagsasabing hinog na ang bunga ay gayong bulaklak pa lamang at maaaring malagas at hindi magtuloy. Tila nakakalimutan ng mga nagtitimpalak sa kabutihan ng tinatawag na "bagong panahon," ang kadalubhasaan noong kasabihang "sa lakad na marahan kung matinik ma'y mababaw".

Naglalabanan pa sa Pacifico at ang gulong ng kapalaran ay pumipihit na hindi pa matutulusan kung saan hihinto. Dapat pang maghintay; ang mga nagtutumulin ngayon ay dapat maghunusdili at huwag pilitin ang bayan sa paniniwalang ang maitim ay maputi, sapagka't mahirap nang bathin ang pagsisisi kung pagkatapos ng lahat, kung magliwanag na at mapawi ang makapal na kuyap na nakatatabing sa mga pangyayari; ay makitang malinaw na sila'y nangaging Hudas at naging malambot na pagkit sa kamay ng mga salanggapang.

Dapat na maggunam-gunam ang mga nag-aakay sa bayan sa mapanganib na landas na ibig niliang taluntunin. Dapat na talasan ang kanilang panghalata sa tunay na niloloob ng bayan. Hindi ba kaya nila napapansin, na ito'y sumusunod lamang sapagka't pinipilit at tinatakot pa? Hindi ba nila nalalaman kaya, na sa mga tauhan ng Samahan ng Magkakapitbahay, ang panakot ay hindi na bibigyan ng "rasion" ang hindi sumama sa mga "palabas" na ito?

Kahapon lamang at sa pamamahayag na ginawa sa Luneta rin, sa anyaya ng mga pinuno ng Pamahalaan, dahil sa pagpapasalamat daw sa premier Tozyo ng Hapon na dumating dito upang magmalas di-umano sa katayuan ng bayan, ay nagpahalata ang karamihang dumalo ng kawalang malasakit sa dahilan at sanhi ng gayong pagtitipon. Gayong ang kanyang sinabi, na maliwanag namang naunawaan sapagka't isinasatagalog ni G. Jose Laurel, Comisionado ng Inerior, ay nauukol sa pagsasarili ng Pilipinas, na tinitiyak niyang ibibigay ng Hapon sa Pilinas, kung maipakikita ng mga pilipino ang tunay na pakikiisa sa Hapon at sa kanyang mga kasandugo, sa digmaang nangyayari; ang mga nakikinig ay di man lamang nabalino. Kinailangan pang iutos mula sa tribuna at sa pamamagitan ng mikropono pati ng pagpalakpak sa mga sinabi ng panauhing premier at lalo na ang pagwawasiwas ng maliliit na bandilang Hapong masaganang ipinamudmod nang araw pang sinundan.

Katawa-tawa ang nangyari. Pumalakpak kayo — ang utos mula sa tribuna — at may naririnig na palakpakan; iwasiwas ninyo ang bandila — at saka pa lamang napapawasiwas ang mga bandila; sumigaw kayo ng mabuhay, at may sumisigaw naman Lahat ay iniutos muna kaya nangyari at nasunod; nguni't ang pagkukusa, ang kasiglahang-loob, ang sayá sa puso at kasiyahang dapat na mapalarawan sa mukha, ay di nahalata at di nakita kanino man. Bagkus ang madaling napuna ay ang pagungol at pag-ismid kung nakaririnig sa mga nagsasalitang matataas na pinunong pilipino, ng labis na paglalangis sa mga hapon. Isang kapasyahan daw ng pagpapasalamat sa mga utang na loob sa Hapon, na binasa ng pinuno ng Kalibapi na si G. Aquino, ang natapos at sukat nang di man lamang pinansin ng mga natitipon. Kaya lamang pinalakpakan at ng mga pulutong pang malapit sa tribuna, ay dahil sa iniutos na palakpakan. Kung hindi, ay nakalampas marahil na tila hangin, o nákagaya kaya ng patak ng tubig na di man lamang nakamatay ng kahi't alikabok. Ang pagsuway naman sa pakiusap na ang lahat ay magbarong-tagalog, pagka't ang nangagsuut nito'y kakaunti; ay isa ring tanda ng matabáng na kalooban ng bayan. Maliwanag na nakitang mahirap pilitin ang aayaw at maliwanag ding napatunayan, sa lahat ng nangyari kahapon, na ang pag-ibig ay hindi naipipilit; sa isang salita'y ipinamalas ng bayan ang katotohanang supil man siya ay hindi naman bihag at hindi mabibihag kailanman ang kanyang kaluluwa, na nananatiling malaya, marangal, at nanlalabán.

At ang panganib na malaki'y magsisimula, sa palagay ko, sa ganitong katayuan ng kalooban ng bayan. Ang premier Tozyo ay naparito, na ang sangkala'y magmalas sa katayuan ngayon ng bansa; nguni't alinsunod sa mga alingawngaw ay upang liwanagin ang ilang bagay ukol sa madaling pagkakaloob ng kasarinlan sa Pilipinas. Ang kanyang pagparito, hindi man sinasabi ngayon, ay bunga marahil ng napabalitang pagkaparoon sa Tokyo ni Heneral Matsui na naririto sa Pilipinas, upang kausapin di-umano ang Emperador ng Hapon tungkol sa ating kasarinlan. Ito'y bagay na naipagtapat ni G. Benigno Aquino kay G. Ramon Fernandez. Noon pa at sa mga lipunang politiko ay napag-uusapan na ang pangyayaring marahil ang pagkakaloob ng kasarinlan sa Pilipinas, ay mauna pa kaysa Burma, at ang pagkakaparitong biglaan ng Premier na rin ng Hapon at hindi ng iba pa, ay nagpapatotoo sa gayong usap-usapan.

Nakalahad nga sa harap ng bayan ang isang suliraning mahalaga na nauukol sa kanyang buhay o kamatayan. Kung ang kalayaan lamang sa pananalita ay nagagamit sana ngayon at ang kapulugang bayan ay makapagtitipon, gayon din ang bagong hirang na mga Senador noong bago nangyari ang digma; ang magpapasiya sa mahalagang bagay na ito, ay mga tunay na kinatawan ng mamamayan. Nguni't hindi, at ang kapahamakán natin ay nasa pangyayaring mga pinunong lagáy ng Hukbong Hapon ang makikialám, ang sasanggunîin at pagtátanungán. Silá nga ay mga pilipino rin, na ang ilán pa ay naging marapat sa halál ng bayan ñg mga nakaraáng panahon; nguni't sa kanilang panunungkulan ngayon ay lagay lamang sila ng mga manlulusob at sa tunay na daan ng matwid ay hindi nilá taglay ang pagkakatiwala ng sambayanang hindi naman sinanggunì sa kanilang pagkakalagay sa mga katungkulang hawak at maliwanag na wala silang saguting pangingilagan.

**ITUTULOY**

**Compadre...!**

**Comadre...!**

DAMIT PAM-BINTAG • KUBIERTOS • PULSERAS
• LOCKET • MEDALYA • KRUSIPIHO • DASALAN

BRILYANTE • DIYAMANTE • KWINTAS NA GINTO
SINGSING NG KAPANGANAKAN • SINGSING PANG-KASAL

*Kawiliwiling Mamili Sa...*

**BORJA** HERMANOS
610 P. Paterno, Quiapo

Pakyawan at Tingian — Tel. 3-38-87

# Daigdig... Pagsubok... at Pag-ibig

**ANG "DAIGDIG" NA KINAUUKULAN NG DALAWANG PUSONG NAGMAMAHALAN AY DI NATUGNAW NG ISANG "PAGSUBOK" ...AT SA WAKAS, NAGTAGUMPAY ANG LAKAS NG "PAG-IBIG"**

***Kuwento ni EDUARDO BAUTISTA REYES***

NAKABIBINGI ANG HALAKHAK na namulanggos sa mga labi ni Cirilo. Napamulagat si Corazon. Masusing ipinako ang paningin sa mukha ng kaharap.

—Kay tamis mo naman, Corazon. —Muling nabasag ang salpok ng mumunting alon sa gilid ng bangka sa dumagsang halakhak ni Cirilo.

—Talaga bang ako'y pinagtatawanan mo, ha, Iloy?

—Ikaw? Pagtatawanan ko?—Nanunukso ang tinig ni Cirilo. —Kay ganda mo upang pagtawanan, Corazon. —tumigil sa pagsagwan si Iloy.

Hindi umimik si Corazon. Gumiwang ang bangka sa pagsasama ng bigat sa isang dulo.

—O, tingnan mo ito! —Dumaiti sa hubad na balikat ni Corazon ang palad ni Cirilo.

—Huwag ka ngang makahawak-hawak! —Pumiglsi ang dalaga. —Mabuti pa'y magbalik na tayo...

—Nagagalit ka ba o nagtatampo? —Naglalaro ang mabining kislap ng paningin ni Cirilo sa buhok ng dalaga. Hindi tumugon ang tinanong. —Naninibugho kang ako'y agawin ng pusod ng dagat sa mga bisig mo, hindi ba?

—Ako? Naninibugho? —Humalakhak ang dalaga. —Bakit ako maninibugho? Makahahayo ka, kahi't saan mo naisin!

Dumantay ang dalawang palad ni Cirilo sa mga balikat ng nakatalikod na dalaga. Iniharap yaon. Itinaas ang mukha. Nagtagis ang kanilang titig.

—Corazon... —Bahagyang umagting ang tinig ni Cirilo. — Hindi, Corazon. Kapuwa tayo hindi mabubuhay na magkalayo! Datapuwa't kailangan natin ang matatag na sandigan.

—Nguni't hindi kita hinahanapang bigyan mo ako ng hindi maibibigay ng iyong kahirapan. Hindi ako naghahanap... hindi, Cirilo!

—Katungkulan kong bigyan kita, Corazon. Ito'y pananagutan ko hindi mo man sabihin.

—At hindi pa ba sapat ang..

—Corazon! — Sumansala ang tinig ng binata, —Pakinggan mo ako, kung ako'y minamahal mo —Mahigpit ang hingang umibis sa malamang dibdib ni Cirilo. —Iniibig kita, Corazon... iya'y batid mo. Ikaw'y lumaki sa kaginhawahan. Ito ang iyong daigdig. —Bumuntunghininga ang nagsasalita. — Samantalang ako'y...

—Cirilo! —Tumutop ang palad ng dalaga sa mga labi ng binata. —Huwag mo nang ituloy.

—Hindi, Corazon. Bayaan mong maiparama ko sa iyo ang buhay na gumagalaw sa ating paligid.

—Nadarama ko iyan, Cirilo.

—Pati ang pamamagitan ng iyong ama sa ating pag-iibigan?



**Pagkatapos ng mahalagang pagsubok sa katapatan ng pag-ibig ng binata, ngumiti sa kanilang daigdig ang araw ng luwalhati! (Kagandahang loob nina Mila del Sol at Jaime de la Rosa na tumutupad ng mga pangunahing papel sa "Anak ng Pulubi" ng LVN.)**

—Hindi sana ako sumama sa iyo.

—Nguni't si Francisco... si abugado Francisco?

—Batid mong hindi ko siya iniibig, Cirilo.

—Nais ng iyong tatang na siya ang iyong makaisampalad, Corazon.

—Mamamatay muna ako, Cirilo.

—Nananalig ako, Corazon.

Patuloy ang pag-iwa ng sagwan sa pisngi ng tubig.

—Nguni't halimbawang ipilit ng iyong papang na ikaw'y pakasal kay abugado Francisco?

—Iya'y musmos na katanungan, Cirilo.

—Nguni't maaaring magkatotoo.

—Hindi ka lubos na nananalig sa akin. —Bumuntot ang paglatay ng bahagyang pamamanglaw sa mukha ni Corazon. —Hindi ka ba naniniwala sa ikalawang daigdig... sa daigdig ng dalawang kapuwa tapat sa pag-ibig na pinagmalupitan ng tadhana sa lupa?

Kuminig sa matagal na pakikipagtagis ang liwanag ng mga mata ni Cirilo.

—Oo, Corazon... sa ating daigdig... sa ating daigdig lamang!

DATAPUWA'T nang magbalik ang kahinahunan ng pag-iisip ni Cirilo, pagkaraan ng ilang araw, ay parang panaginip lamang na gumitaw sa nagupiling na katauhan ang pagtatagpong yaon.

—Hindi maaaring pakasal si Corazon kay Francisco! Ako ang iniibig ni Corazon... ako!

Naghihimagsik ang kalooban ni Cirilo. Tumututol. Nananalig na siya lamang ang iniibig ni Corazon... siya lamang! Sa kanila ang daigdig na yaon...! Walang maaaring makaagaw o makisilong! Silang dalawa lamang! Siya at si Corazon, pagka't sila ang may panukala niyon... sila ang may likha; magkasanib ang kanilang mga puso!

Nguni't bakit...? Bakit maliwanag na isinasaad ng liham na ipinadala sa kanya ni Corazon na...

Hindi yata niya mapaniniwalaan ang mga katagang yaon. Diyata? Ngani-nganing mailmot ni Cirilo ang maraming mga bagay na nakapamagitan sa kanya't kay Corazon. Bakit hindi?

**Nagkamali ako, Cirilo. Akala ko, sa pamamagitan ng iyong pag-ibig ay matatagpuan ko ang daigdig na iba kaysa daigdig na nakikita kong ginagalawan mo. Laking kahibangan! Hindi pala. Iisa ang makapagbibigay sa akin ng daigdig na yaon... nguni't hindi ikaw, Cirilo. Kaya sa kanya ako makikisilong... sa kanyang daigdig. Inaasahan kong mauunawaan mo ang lahat... Patawad! — Corazon.**

Nangapasuntok ang mga kamay ni Cirilo nang matunghayan ang liham na yaon ni Co-

razon. Marling nakagat ang mga labing nagpupumiglas na isakataga ang laman ng damdamin. At bagama't yao'y titik lamang... mga titik na maganda ang pagkakasulat-kamay, ay nagsilbing subyang na umiwa sa pusong naglagos sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa.

Danga't musmos at babai lamang ang tumatangis!

At bakit siya luluha? Si Corazon lamang ba ang babai? Ano ang nawala sa kanya? Wala! Pagod lamang. Maikling panahon. Ano na ang pagod na kanyang nagugol?

Nguni't hindi yaon ang ipinagdaramdam ni Cirilo. Wala ngang kailangan kung siya ma'y gumugol ng kaunting pagod at panahon. Datapuwa't may pagbabagong nalikha sa kanyang puso ang paglimot ni Corazon... kung ito nga'y lumimot. May malaking nalikha – kasinlaki ng daigdig!

Subali't ano pa ang kanyang magagawa. Nagpapahalaga siya sa pasya ni Corazon, sapagka't minamahal niya ito. Magtitiis siya kung iyon ang kaligayahan ni Corazon, sapagka't gayon ang tapat na pag-ibig... at si Cirilo'y umiibig nang buong kawagasan kay Corazon.

At isa-isang nagdaan ang mababagal na mga sandali.

Ikalabing-isa na nang gabi...

Marahang nagtindig si Cirilo sa pagkakaupo sa bangkong kawayan. Tinungo ang bukas na durungawan. Ipinukol ang tingin sa malawak na dagat na ngayo'y tahimik... walang alimpuyo't ragasa ng naglalakihang alon.

Napalingon si Cirilo sa biglang paglangitngit ng hagdanan. Pumaitaas nang pumaitaas ang mga yabag. Sinundan ng pagkatok sa nakapinid na pintuan. At sumunod ang paghakbang ni Cirilo.

Dumampulay sa mukha ng pumanhik na lalaki ang mamatay-mabuhay na liwanag ng ilawang timsim.

—Cirilo... madali ka!

—Bakit, Indo? —May pagtataka ang tinig ni Cirilo.

—Si Corazon... —napatigil si Indo.

—Alam ko, Indo... ikakasal si Corazon.

—Hindi gayon ang ibig kong sabihin, Cirilo. Ipinatatawag ka ni kabesang Bastian.

—Ako? Ipinatatawag ako ni kabesang Bastian? Sigi na, Indo. Sabihin mong hindi ako makapupunta.

—Iyan ang hirap sa iyo, e!

—Ano nga ba ang ibig mong sabihin, ha, Indo?

—Si Corazon... nag... naglason!

—Naglason si Corazon? — Walang tiyak na kinakausap si Cirilo; nakapako ang tingin sa malayo; nakapamulagat. —Susunod ako, Indo.

Yumabag na papanaog ang mga paa ni Indo sa baytang ng hagdanan.

—Naglason si Corazon! Naghihinakdal ang damdamin ni Cirilo. Naglason! Tinupad ang kanyang pangako!

Magkasimbilis ang paglapit ni Indo at pag-akyat ni Cirilo sa hagdanang marmol ng malaking tahanan ni kabesang Bastian.

Sumalubong ang dalawa... si kabesang Bastian at si Indo.

—Cirilo...! —marahan ang pagkakatudla ng paningin ng matanda sa mukha ng pumapanhik.

Napatda si Cirilo sa huling baytang ng hagdanan. Bahagyang napaudlot... nagtaka... nag-alinlangan. Wala sa mukha ni kabesang Bastian ang inaasahan ni Cirilo — ang pagpapahinuhod... malumanay na ngiti... bukas na pagtanggap. Napatingin tuloy si Cirilo kay Indo. Hindi makapagtaas ng paningin si Indo. Tila natatakot. Kinakabahan sa nag-uusisang paningin ni Cirilo.

—Ano po ang maipaglilingkod ko, kabesang Bastian?

—Nawawala si Corazon, Cirilo. —Matiim nguni't malumanay ang tinig ni kabesang Bastian. —Isang liham ang kanyang iniwan.

—Nawawala po si Corazon? Akala ko'y...

—Naglason? Nais ko lamang

(Buklatin sa pahina 16)



## PAMPAARALAN

# Bernardo Carpio

*Halaw ni MELANIA JIMENEZ (Araullo High School)*

NOONG unang panahon, ang Ispanya ay dinatnan ng isang malagim na sakuna. Ang hari at reyna ay sabay na namatay kaya't ang mga tagapayo ay walang malamang gawin. Ang dalawang naiwang tagapagmana ng korona na si Alfonso at Himena ay mga bata pa. Nais nilang ihanap ng pansamantalang hari. Ang napili nila ay ang konde Sancho ng Serdenya. Si Don Sancho ay mabait, matapang, marunong at mahinahon kaya siya iginalang ng buong bayan.

Isinalin niya ang korona kay Alfonso nang ito ay maging binata na. Siya naman ay hinirang na heneral ng hari at si Don Rubio ang ginawang kapitan niya.

Natanyag ang kagandahan ni Himena sa malayong mga kaharian at ang mga ligaw dito ang nagdudulot sa kanya ng kaguluhan. Hindi batid ng hari na si Don Sancho at Don Rubio ay lihim na nagmamahal sa prinsesa. Isang umaga, si Don Rubio ay nagpahayag ng pag-ibig kay Himena samantalang ito'y nasa hardin nguni't sinabayan ng alis ang kanyang pagsasalita. Mula noon ay nagbalak siyang maghiganti sa prinsesa at sa ipinalalagay niyang iniibig nito.

Nang si Don Sancho ang magpahayag ng pag-ibig ay tinanggap agad ni Himena, papaano'y malaon na siyang nagtatangi kay Don Sancho. Maligayang nagtungo sa palasyo si Don Sancho nguni't dito ay inabutan niya si Don Rubio at ang mga tagapayo na kapulong ng hari. Isang moro ang nagsasalita.

—Ako po ay sugo ng aking heneral at marangal kong hari. Hinihiling po nilang isuko na ninyo ang Ispanya upang di mangalipol ang inyong hukbo.

—Magtigil ka na ng pagsasalita kundi mo nais na mamatay. Humanda kayo at kami ay lalabas upang subukin ang inyong tapang at lakas.

Ipinahanda niya ang hukbo kay Don Rubio at siya ay nagtungo sa torre ng prinsesa. Bago maghatinggabi ay lumisan si Don Sancho na taglay ang puso at kaluluwa ng prinsesa.

Ang mga moro ay napipilan at nagsisukong lahat kaya't tatlong araw na nagdiwang ang kaharian. Pagkatapos ng pista ay sinangguni ng hari ang dalawa ukol sa kahilingan ng konde ng Barselona na makaisang-palad niya ang prinsesa.

—Ako po ay sang-ayon sa kahilingan ng konde, —ang sabi ni Don Rubio, sapagka't wala siyang pag-asa kay Himena.

—Wala kang karapatang magsalita, —ang pagalit na wika ni Don Sancho. —Dapat mo munang dinggin ang aking sasabihin sapagka't ako ang iyong heneral. Pasalamat ka at tayo ay nasa harap ng hari.

—Huminahon kayo, —ang sabi ng hari. —Dapat kayong magkasundo upang lalong tumatag ang ating bayan.

Ilang buwan ang lumipas. Si Don Rubio ay inutusan ng hari na tingnan ang mga bantay ng prinsesa sa torre. Nakarinig si Don Rubio ng iyak ng bata sa loob ng silid ni Himena. Tiniyak niyang yaon ay anak ni Don Sancho. Nagsumbong siya sa hari kaya't lihim nilang inabangan si Don Sancho. Nang gabing iyon ay ipinasundo ni Himena ang kanyang mahal upang paalagaan ang bata sa ina ni Sancho sa Serdenya. Nang pumanaog si Don Sancho ay dinaluhong siya ng mga sundalo ng Hari. Maraming napatay si Don Sancho nguni't nang umiyak ang bata ay natigilan. Lumitaw ang hari kaya't hindi na siya nanlaban.

—Ikaw pala ay sulupika, —ang sabi ng hari. —Gayon pa man ay pinatatawad kita. Ibigay mo sa akin ang bata at paaalagaan ko sa palasyo.

**GAYA NG PANIWALA NG MARAMI, SI BERNARDO CARPIO AY ISANG TAONG NAPAKALAKAS NA NAIPIT NG DALAWANG BUNDOK, AT WALANG MAKAPAGSABI KUNG MULI PANG MAKALALAYA**

—Patawarin mo ako sa aking kasalanan. Kung ako man ay iyong parurusahan ay hinihiling ko lamang na kami ay makasal ni Himena bago malagot ang aking hininga.

Ang hari ay sumang-ayon at pagkatapos ay ibinigay sa kanya ang isang liham upang dalhin sa puno ng Karsel de Luna. Hindi niya batid na ang liham ay nag-uutos na siya ay dakpin at dukutin ang mga mata. Ang utos ay natupad at si Don Sancho ay ikinulong na bulag sa madilim na piitan. Ang prinsesa naman ay ipinilit ng hari sa isang beateryo.

Si Don Rubio ang pinagkatiwalaan ng haring mag-alaga sa bata. Ang bata ay pinabinyagan sa pangalang Bernardo. Ang bata ay lumaki na si Don Rubio ang kinikilalang ama. Mula pa sa pagkabata niya hanggang sa lumaki ay pawang ligalig ang idinudulot ni Bernardo. Bata pa siya ay nagbabayad na siya ng mga hayop na napapatay ni Bernardo kung siya ay naglalaro.

Ngayon ay binata na siya. Hiniling niya kay Don Rubio na ipakiusap sa hari na ibigay sa kanya ang karangalang Orden de Santiago. Si Don Rubio ay nabigla. —Kung akong isang heneral ay hindi pa karapat-dapat sa karangalang iyon, ikaw pa kayang di-nakakaalam ng iyong pinagmulan.

Sumama ang loob ni Bernardo sa sinabi ng inaakala niyang ama. Nang sandaling yaon ay dumating ang haring Alfonso sa tahanan ni Don Rubio upang dalawin si Bernardo. Nakita ng hari ang kalungkutan ni Bernardo. Nalaman ng hari ang kanyang gusto kaya't noon din ay iginawad sa kanya ang orden de Santiago at siya ay isinama na sa palasyo.

Isang araw si Don Rubio ay nagtuturo ng esgrima. Si Bernardo ay dumating at hinamon si Don Rubio ng totohanang laban. Sa labang ito namatay si Don Rubio. Nang malaman ng hari ang nangyari ay ginawang heneral ng hukbo si Bernardo sa halip na parusahan. Ngayon ay wala nang magsusumbong kay Bernardo.

Ang Ispanya ay muling naligalig sa paglusob ng Emperador Carpio at ng kanyang matapang na heneral ng Morong si Veromillo. Si Bernardo ay nag-iisang lumabas at nakipaghamok sa mga Moro. Kung hindi nakatanan si heneral Veromillo ay napatay rin sana siya.

Ang hiniling na gantimpala ni Bernardo ay malaman lamang kung sino ang kanyang mga magulang. Ang hari ay sumagot. —Ang tanging alam ko ay anak ka ni Don Rubio. Hayaan mo at ako ay mag-uusig sa bagay na iyan. —Upang di mabatid ni Bernardo na siya ay may kinalaman sa kinahinatnan ng magulang ni Bernardo ay hiniling niya sa kanyang pamangkin na lusubin ang kaharian ni Carpio upang sila ay maligtas sa paghihiganti nito.

Si Bernardo ay sumunod na hindi batid ang layon ng hari. Ang buong kaharian ni Carpio ay kanyang tinalo kaya't sumuko ang emperador sa malaking takot. Mula noon ay tinawag na siyang Bernardo Carpio.

Ang akala ng hari ay patay na si Bernardo. Nang balakin niyang mangaso sa loob ng limang buwan, ang anak ng pinsan niyang Ludovico na hari ng Pransiya ay ipinasundo niya upang maging haring pansamantala. Ang pangalan ng prinsipeng ito ay Bernardo rin. Nabatid ni Bernardo ang nangyari nang siya ay pumasok ng Ispanya. Nagsapantaha siya na naglilihim sa kanya ang hari. Siya ay nagtungo sa palasyo na galit na galit. Ang hari ay hindi nakakibo sa kanya. Ang mesa ay sinuntok ni Bernardo at ito ay sumabog. —

Pasalamat kayong lahat at ang Diyos ay hindi ko pa nalilimot. —At siya ay umalis.

Si Bernardo ay nagtungo sa gubat at nagdasal nang mataimtim. Isang liham ang bumagsak sa kanyang harapan. Sa liham ay nabatid niya ang kinasapitan ng kanyang ina't ama. Bago siya nagtungo sa Karsel de Luna upang iligtas ang kanyang ama, siya ay nagpunta muna sa Pransiya upang ito ay pasukuin at nang hindi na bumubuwis ang Ispanya sa Pransiya. Siya naman ay nagtagumpay.

Pagkagaling niya sa Pransiya ay pinuntahan niya agad ang karsel. Ang mga bantay na humarang ay nangamatay. Nagkausap ang mag-ama nguni't si Bernardo ay hindi agad napakilala. Isinalaysay ni Don Sancho ang nangyari sa buo niyang buhay at hiniling niyang bago sana siya malagutan ng hininga ay makasal muna siya sa kanyang minamahal. Nang masabi ito ay hinagkan ni Bernardo ang kamay ng ama, at saka nagpakilala. Hiniling ni Don Sancho na huwag gantihan ang hari pagka't ito ay amain niyang buo.

Namatay si Don Sancho. Pinagyaman niya ang bangkay ng kanyang ama. Siya ay nagtungo sa palasyo at sa takot ng hari ay sinunod na lahat ang gusto ni Bernardo. Inilabas si Himena sa beateryo at ang bangkay ni Don Sancho ay inihatid ng musiko sa palasyo. Dito ikinasal ang mga magulang ni Bernardo. Ang hari ay humingi ng tawad sa bangkay ni Don Sancho. Ang korona ay isinalin na sa kanya ng hari nguni't siya ay tumanggi. Sinabi niyang siya ay bata pa at nais niyang pasukuin ang lahat ng kahariang hindi kristiyano at pagkatapos ay babalik din siya upang tanggapin ang korona.

Sa paglalakbay ni Bernardo ay nakarating siya sa isang simbahan. Dito ay nagdasal siya. Isang lintik ang pumasok sa simbahan at nawasak ang pader. Sa galit niya ay hinabol niya ito nguni't nagsuot sa pagitan ng dalawang bundok. Nang siya ay patungo na sa bundok ay nasalubong niya ang isang binatang napakaganda. —Ako ay sugo ng Diyos. Bakit ba ang damdamin mo ay nagpupuyos.?

—Ang hanap ko ay yaong lintik na nagwasak ng simbahan. Hindi po ako tutugot hanggang hindi ko nagagapi ang lintik na iyan.

—Kung gayon ay sumunod ka sa akin. —At ang anghel ay pumasok sa pagitan ng dalawang bundok. Nang si Bernardo ay nasa loob na ay naghilom ang dalawang bundok. at si Bernardo ay naipit. Mula noon, si Bernardo ay nakulong sa kuweba ng dalawang bundok. May nagsabing isang matanda na nakakita raw kay Bernardo na nakahiga sa loob ng isang kuweba at nakausap niya. —Sabihin mo sa bayan na ako ay pinarusahan ng Diyos dahil sa aking mga kasalanan. Ako ay may panahong babalik din sa aking bayan. (X)

**TALASALITAAN**

**sugo** ........... **representative**
**mahinahon** .......... **gentle**
**sulupika** .............. **traitor**
**ligalig** .................. **trouble**
**nakipaghamok** ......... **battled**
**iginawad** .............. **granted**
**mangaso** ............ **to hunt**
**mataimtim** ........... **sincere**

**(Buklatin sa pahina 18)**


# Una Sa Kanilang Larangan



**CELESTINO TUGOT**

**Nagwagi sa Unang Bukas na Kampeonato sa Golp sa Dulong Silangan (1949) at "runner-up" sa ikalawang Kampeonato.**

**LARRY MONTES**

**Labing-isang ulit na nagkampeon sa Bukas na Paligsahan sa Golp sa Pilipinas at Nagwagi sa Second Far East Open Golp Championship (1951).**





"Ang pakikipagpaligsahan ay nangangailangan ng katatagan, pagkatalaga at tiyak na pasiya. Kung ang pagod na mga masel ay huminingi ng kapahipahingalay na pampalamig—Iya'y ang SAN MIGUEL PALE PILSEN para sa akin, **sa lahat ng oras.**"

"Sa golp ay laging sinisikap ko ang pinakamabuting "score," nguni't ano man ang kalabasan, lagi akong humahanap ng PALE PILSEN sa bawa't yugto. Ang suwabeng linamnam nito ay siyang sanhi upang maging paborito ko."




**Inimbak at Isinabotelya ng:**

**San Miguel Brewery**

Saan man magtagpo ang mabubuting magkakasama... ang ganap na inimbak, tunay na dakilang SAN MIGUEL PALE PILSEN—pinalamig sa yelo... ay siyang nangunguna sa pampalamig.

**San Miguel Pale Pilsen**

**TUNAY NA DAKILANG SERBESA**

# LINGGUHANG ULAT SA KABUHAYAN

**ni D. R. IÑIGO**

Pinamumuhunanan ng isang angaw na piso, ang Solana Farmers Cooperative Marketing Association ay itinatag kamakailan sa Solana, Kagayan. Ang layunin ng samahan ay pasaganain ang inaaning tabako, mais at mani.

Inaasahang humigit-kumulang sa tatlong libong magbubukid ang sasama sa kooperatiba.

Ang mga pinuno ay itong sumusunod: Alkalde Abelardo Lasam, pangulo; Justo Caronan, pangalawang pangulo; Dr. Pablo Capati, tagaingat-yaman; Aurellano Carag, kagawad; Tomas Marzan, kagawad; Tomas Ubina, kagawad; Ponciano Guaring, kagawad; Damian Lasam, kagawad; Catalino Cafugauan, kagawad; Eliseo Lasam, kagawad at Bonifacio Carag, kagawad.

—oOo—

Ang Philippine Long Distance Company ay magpapalabas sa kasalukuyang taon ng mga borong nagkakahalaga ng P5,179.400. Ang layunin sa pagpapalabas ng mga bono ay mabayaran ang pagkakautang at makailak ng kinakailangang gugulin sa pagpapagawa ng isa pang planta ng telepono.


—oOo—

Ang naging Embahador Manuel V. Gallego, kansilyer ng Manila Central University, ang siyang nahalal na pangulo ng Philippine Association of Colleges and Universities, sa taunang halalang idinaos kamakailan sa Manila Hotel.

Ang mga pinuno ng PACU sa 1951-52 ay ang sumusunod: pangulo, Manuel Gallego kansilyer ng Manila Central University; pangalawang pangulo, Perfecto Laguio, dekano sa Manila Law College; pansamantalang kalihim-tagaingatyaman, Segundo M. Infantado, pangalawang kansilyer sa National Teachers College.

Ang lupong patnugutan ay binubuo nina: Tomas Mapua, pangulo ng Mapua Institute of Technology; Vidal Tan, pangulo ng Far Eastern University; Mariano V. de los Santos, pangulo ng University of Manila; Domingo Jhocson, pangulo ng National University; Francisca T. Benitez, pangulo ng Philippine Women's University; Enrique Sobrepeña, pangulo ng Union College of Manila; Perfecto Laguio, dekano sa Manila Law College at Segundo M. Infantando, pangalawang kansilyer ng National Teacher College.

—oOo—



*Ang mga pinuno ng Samahan ng mga Kontratistang Pilipino ay nakipagkita kay Pangulong Quirino upang idaing ang pagkabalam ng pagsasakatuparan sa mga kasunduan nila sa pamahalaan at sa mga iba pa, dahil sa mga balakid sa pag-angkat ng mga kagamitan. Mula sa kaliwa: O. A. Boni, pangalawang pangulo; Antolin M. Oreta, Emilio Viardo, Dominador Cepeda, Domingo M. Poblete at Edwardo R. Escobar, pangulo.*

Ang kalamangan ng ibang bansa sa pakikipagkalakalan sa Pilipinas ay bumaba nang mula sa P665.2 angaw noong 1949 hanggang sa P10.2 na lamang noong 1950.

Isinasaad ng ulat na taglay ang mga tampok ng pag-unlad ng kabuhayan ng Pilipinas ng nakalipas na taon na ang halaga ng mga nailuwas noong 1950 ay P663.2 angaw samantalang ang mga inangkat ay P680.1 angaw o kahigtan na 30.7 porsiyento sa iniluwas at nabawasan ng 42 porsiyento ang mga inangkat kung ihahambing sa natala noong 1949.

Sinasabi sa ulat ng Banko Sentral na ang bansa ay nagtamasa ng matagumpay na taon sa pagsasaka at ang inaning mga pananim, matangi sa asukal, ay sagana kay sa nasaksihan noong 1949 at ang nalikhang mga sangkap sa pagkain at kagamitan na kailangan dito ay marami kay sa natala noong 1949 at noong bago magkadigma.

—oOo—

Hiniling kay Pangulong Quirino ng isang delegasyon ng Samahan ng mga Kontratistang Pilipino na luwagan ang pagangkat ng mga kagamitan sa pagpapagawa ng mga bahay at iba pang kaunlarang bayan na hindi magawa rito.

Ipinatalastas ng pangkat na maraming ipinagagawang gusali at mga iba pang kaluwagang bayan ang hindi natatapos o napasisimulan dahil sa pagsasalat ng mga sangkap.

Tangi sa riyan ay hiniling din na bayaran sa mga kontratista ang salaping kinita na nila subali't pinipigil ng pamahalaan bilang lagak sa mga ipinagagawa noong bago magkadigma. Ipinaliwanag na ang halaga ay makatutulong nang malaki sa pagtutustos ng gugulin sa mga kontratista.

## Bernardo Carpio

(Karugtong ng na sa p. 17)

iintik — lightning

MGA TANONG

1. Sino ang napiling pansamantalang hari ng Ispanya? Bakit nila ginawa iyon?
2. Anong uri ng pagkatao mayroon si don Sancho? Ipaliwanag ang sagot.
3. Ano ang sanhi ng pagbabalak ni don Rubiong maghiganti kay prinsesa Himena at don Sancho?
4. Sino ang unang tinalo ni don Sancho sa digma?
5. Ano ang nangyari kay don Sancho at Himena? Isalaysay ang pangyayari.
6. Ano ang sanhi ng pagkagalit ni Bernardo kay don Rubio? Paano napatay ni Bernardo ang dati'y inakala niyang kanyang ama?
7. Paano natamo niya ang pangalang Bernardo Carpio? Ipaliwanag.
8. Bakit nagsapantaha si Bernardong naglilihim sa kanya ang hari?
9. Ano ang kanyang ginawa bago iniligtas ang kanyang ama?
10. Ano ang kahilingan ni don Sancho bago namatay? Paano ito natupad?
11. Bakit pinarusahan ng Diyos si Bernardo? Makawala pa kaya siya roon? Ano ang paniwala ng mga tao tungkol kay Bernardo?

—ooo—

## Daigdig...

(Karugtong ng nasa pahina 15)

na ikaw'y dumating, sapagka't mayroon kang malaking kaugnayan sa kanyang pagkawala. Nguni't bibigyan kita ng pagkakataon... isang pagkakataon! —Napangunot-noo ni Cirilo. —Iniibig mo ba si Corazon, Cirilo?

—Opo, kabesang Bastian... iniibig ko si Corazon. —Walang gatol nguni't madalang ang pagsasalita ni Cirilo.

Napatawa si kabesang Bastian. —Nagsisinungaling ka, Cirilo! —Sumungaw ang nang-uuyam na ngiti sa mga labi ng matanda. —Ang iniibig mo sa kanya'y ang kanyang mamanahin. Siya'y nililinlang mo, Cirilo. At ito ang pagkakataong ibibigay ko sa iyo. Limutin mo siya! Babayaran kita... at ikaw'y magpakalayu-layo. Umalis ka sa bayang ito, Cirilo.

May bahagyang pamumulang lumatay sa mukha ni Cirilo. Gumitaw ang pagngangalit ng mga bagang sa magkabilang pisngi.

--Kung gayo'y hindi rin na-

wawala si Corazon! —Kumawala ang mahigpit na paghinga sa nangakakipil na mga labi ni Cirilo. —Gayunma'y aalis ako, kabesang Bastian. Lalayo ako. Nguni't hindi ko kailangan ang inyong salapi. Iibigin ko si Corazon, kahi't siya'y isang mahirap na katulad ko, sapagka't siya ang itinitibok ng aking puso. Kaya bago ako umalis, kabesang Bastian, ay pahintulutan ninyong magkausap kami.

—Siya'y hindi mo na makikita, Cirilo. Ang totoo'y abala siya ngayon sa paghahanda ng kasuotang gagamitin bukas sa kanilang kasal ni abugado Francisco. Humayo ka na...

Mabilis na bumaba ang mga paa ni Cirilo sa marmol na baytang ng hagdanan.

At ipinasya ni Cirilong tumupad sa pangako; umalis sa bayang kinakitaan ng unang liwanag.

Subali't kinabukasan...

Napatakbo si Cirilo samantalang patungo sa nakasadsad na bangka sa tabing dagat, sa bugso ng damdaming gumimbal sa buong pagkatao. Hindi siya makapaniwala. Nanlaki ang mga mata.

—Corazon...!

Lumunsad sa nakasadsad na bangka si Corazon. Sumalubong na halos magkandarapa. Yumakap kay Cirilo. Sumubsob sa malamang dibdib ng binata.

—Cirilo!

At magkaakbay na muling tinumpa ng dalawa ang nakasadsad na bangka.

—Bakit ka naririto, Corazon?

Tinitigan ng dalaga ang kaakbay. Ngumiti. —Ayaw mo ba?

—Nagtataka lamang ako. Corazon. Kagabi'y...

—Oo, kagabi'y nagpunta ka sa amin at nakausap ka ni tatang.

—Nalalaman mo? Napakinggan mo?

—Lahat, Cirilo. Talagang ako ang nagpakana noon. Sumulat ako sa iyo ng... —Tumawa ang dalaga. —Akala mo siguro'y ipagpapalit ko ang pag-ibig mo kay Francisco, ano?

—Gayon ang sabi mo sa liham na tinanggap ko. Hindi naman kita sinisisi sapagka't iniibig kita... nakahanda akong magtiis pagka't aniko'y liligaya ka sa kanyang piling.

—Liligaya ako? —Muling tumawa si Corazon. —At aalis ka namang talaga?

—Pagbibigay lamang sa tatang mo. E, ano nga ba ang nangyari?

—Ganuon na nga. Pagdating ko, sinalubong ako ng tatang. Ibinalitang si Francisco daw ay hinuli ng mga alagad ng batas dahil sa isang gusot... aywan ko kung ano 'yon. Nagpasalamat ang tatang at maaga pa nang makilala niya ang kanyang kamalian. Ipinagtapat kong muli ang katotohanan... ang ating pag-iibigan. Hinimok... at napahimok naman. Papa'no daw niya malalaman na ako'y tunay mo ngang iniibig? Aniko'y subukin namin. Pinahatdan kita ng liham. Pagkatapos ay sinugo namin si Indo sa inyo... ipinasabing ako'y uminom ng lason. Kung ako daw ay talagang iniibig mo'y magsasadya ka sa amin... dadamay ka, sa kabila ng sinabi ko sa liham. Hindi pa 'yon. Tingnan mo't binibili pa ng tatang ang pag-ibig mo... buti't hindi ka pumayag.

—Ako? Papayag? —Pinakatitigan ng binata si Corazon.

—Hindi ko naman sinasabing pumayag ka, a!

—Bakit nga ba ako papayag? Kahi't ba ang buong daigdig ang ibigay sa akin, e!

—Sabi mo lamang iyon.

—Sabi ko nga lamang. Pero iyan ang katotohanan. Aanhin ko ang daigdig, kung wala akong makakapiling at makakatalik sa daigdig na yaon? —Isinampa ng binata ang dalaga sa nakasadsad na bangka. —Sapat na sa akin ang daigdig na ito, Corazon, sapagka't ito ang ating daigdig Ito... ang mayamang kalikasang nakapaligid sa atin. At sa aki'y ikaw... ikaw, Corazon, ang aking pag-ibig!

Napangiti ang dalaga. At ang bangka'y unti-unting umusad... pumalaot... nakapananaghili! (X)




# SA LIKOD NG PUTING-TABING

nina L. S. MANABAT at E. V. RAÑOLA

Sina Pugo at Togo, ang mga kalbong mapagpatawa sa puting-tabing, ay siyang itinuturing na pangunahing komiko sa Pilipinas. Sa kanilang huling pelikulang "Pulo ng Engkanto" ng LVN ay hindi lamang mga pilipino ang nakuha niyang pasakitin ang tiyan kundi ang mga dayuhan man na nakapanood ng naturang pelikula. Isa sa mga Amerikanong naanyayahang manood ng "Pulo ng Engkanto" ang nagsabing: "Siyang-siya ako! Dito man pala sa Pilipinas ay may mga mapagpatawang tulad ng mga komiko namin sa Hollywood, na pigilin mo man ay di maaring di makapagpalhit sa iyo nang tawa!"

—oOo—

Isa sa pinakamaligayang bituin sa puting-tabing ay si Jose Padilla, Jr. Opo, si Pempe ay maligayang-maligaya pagka't bukod sa mga tagumpay na inaani niya sa pelikula ay may matamis at mapagmahal siyang kabyak ng dibdib, ang butihing si Senyang. May dalawa rin siyang bunso na kadluan ng aliw sa kanilang tahanan: si "Boy" na kamukha ng ama, at si "Joseña," na parang pinilas naman sa ina. Ang dalawa'y kapuwa nasa "kalikutan" at siyang malimit maging sanhi ng pagkakatuwaan sa loob ng kanilang tahanan.

—oOo—

Si Anita Linda ay isa sa mga pambihirang bituin na mahilig sa panonood ng sine. Halos lahat ng maririkit na pelikulang yari sa atin at sa ibang bansa ay di niya nakakaligtaang pasukin. Ang panonood ng maririkit na pelikula, ayon sa kanya, ay isa sa mga lihim ng kanyang tagumpay sa puting-tabing sapagka't dito niya nakikita ang magagandang tagpo at kilusin ng isang artista gayundin ang mga kamalian sa pagganap ng isang bituin na siya niyang pinakakaingatan.

—oOo—



**Si Manuel Ubaldo, ang batang bituing hinangaan ng madla sa "Magpapawid," "Maginang Ulila" at "Nanay ko," na muling mapapanood sa "ANAK KO" ng Royal Productions.**

Si Linda Estrella ay masasabing kabilang sa mga bituing nararapat maging huwarang ina ng tahanan. Pagkatapos ng mga siyuting ng mga niyayari niyang pelikula ay nananatili siya sa bahay, sa piling ng kanyang mga mahal sa buhay. Ang ginagawa niyang libangan sa loob ng tahanan ay ang pagluluto, pananahi at pagbabasa ng mahahalagang aklat. Samantala, si Tessie, ang kanyang bunsong lumikha ng malaking kabantugan sa mga pelikulang linabasan, lalo na sa "Roberta," ay wala namang aliwan sa mga sandaling nasa bahay kundi ang paglalaro sa kanilang marikit na halamanan at ang pag-akyat at pamimitas ng mga bungang-kahoy sa mga puno sa loob ng kanilang malawak na bakuran.


—oOo—

Kamakailan ay dumalaw ang mga pinuno ng Zamboanga Pictures, Inc. na pinangunguluhan nina Constancio T. Villamar at Miguel V. Gonzales sa tanggapan ng Kalihim Ramon Magsaysay upang hingin ang tulong nito sa pagsasapelikula ng "Dugo Ng Bataan" na kakailanganin ang hukbong Pilipino, pati ang mga tanod-dagat. Ipinaliwanag ng mga panauhin ang pakay nila sa pagsasalin sa puting-tabing ng naturang kasaysayan na gagawin sa dalawang wika — tagalog at ingles. Ang ingles, na ang pamagat ay "Blood and Salvation," ay ipamamahagi sa ibang lupain. Dahil sa mabuting hangarin ng Zamboanga Pictures, ang kalihim Magsaysay ay nangako naman ng kanyang tulong. Ang "Dugo ng Bataan" ay pinangungunahan nina Leopoldo Salcedo, Mona Lisa at Fernando Royo.


—oOo—

Upang makita nang personal ang mga bituing hinahangaan nila, ang mga taga-Bigaa ay dalawang araw na nagbantay sa may simbahan upang saksihan ang pagganap nina Jose Padilla, Jr. at Pacita Francisco sa malapit nang mayaring pelikulang "Dahong Palay" ng Tamaraw Studios, Inc. Sa naturang **location set** ay hinahangaan ang mahusay na pagkakaganap ni Amelia Rillo sa papel na Leonora. Magugunita na si Amelia Rillo ay lumabas na katambal ni Angel Esmeralda sa isang marikit na pelikula at mula noon ay lumabas na sa maraming pelikulang pawang umani ng tagumpay. Ang "Dahong Palay" ay ginagampanan nina Jose Padilla, Jr. at Pacita Francisco ang mga pangunahing papel, ka-bituin sina Salvador Zaragoza, Lucas Paredes at Luis Vizconde. Ito ang kauna-unahang pelikulang pinagtambalan nina Jose Padilla at Pacita Francisco. Ito rin ang unang handog sa madla ng Tamaraw Studios, Inc. at unang pelikulang pinamamahalaan ni Felix Villar.

—oOo—



**Isang madulang tagpo sa "KADAKILAAN" ng Premiere Productions na pinamamahalaan ni Direktora Consuelo P. Osorio. Ang pelikulang ito na pinangungunahan nina Anita Linda at Danilo Montes ay maririnig, araw-araw, sa isang palatuntunan sa radyo na itinataguyod ng "Mayon Cooking Oil."**




## (ANG HANDOG NI MALAKAS)

**Walang pagsalang natatandaan pa natin ang katutubong alamat nina "Malakas at Maganda", dalawang pangalang sumasagisag sa *lakas* at *kagandahan*. Si Malakas, anak ng isang Datu, na noon ay bata pa, ay nagkapalad na makatagpo, isang araw, ang isang magandang dalagitang nagngangalang "Maganda", anak ng isa ring Datu na namumuno sa isang lupain. Dahil sa tinubuan ng pag-ibig sa batang babai, sinabi ni Malakas sa kanyang ama ná ibig niyang makaisang-puso iyon kung siya'y binata na. At... ang pag-ibig ni Malakas kay Maganda ay patuloy na yumabong sa kanyang puso habang nagdaraan ang mga araw. Ang ama ni Malakas ay nag-utos sa kanyang mga nasasakupan na magdala ng mahahalagang kayamanan buhat sa kanilang lupain... ginto, pilak, hiyas at mga alipin upang ihandog nila kay Maganda. Tinanggap naman ng ama ni Maganda ang mahahalagang handog bilang tanda ng mabuting hangarin. Nang si Maganda ay maging isa nang dalaga na nag-aangkin ng kahilihiling kariktan, siya'y naging kabyak ni Malakas, na isa nang binatang may pambihirang lakas at bulas ng katawan. At. . sila'y magkasamang namuhay nang maligaya upang siyang mamuno sa lupain ng kanilang mga ama.**

**Ang lahat ng panghandog na pinakamahalagang kayamanan sa lupain... ginto, pilak, hiyas at iba't iba pang pang-alay na kagamitan upang tamuhin ang puso ng isang mahal, upang ipagkaloob, at ihandog sa karapatdapat — ito, sa kabuuan, ang diwa ng paglilingkod din ng HEACOCK'S. Naghahatid sa mga tao sa Pilipinas, ng pinakamimithing mga handog na may katangitanging uri at walang kupas na kariktan. Kami'y nananatili sa ganitong nakapangingimbulong paglilingkod sa loob ng halos kalahating siglo.**

HEACOCK'S — The Store of Quality

# H. E. HEACOCK CO.

**MGA TINDAHAN SA: 600 & 605 DASMARIÑAS, MAYNILA**

**SAPUL NOONG 1901**

*Tanging Tagapamahagi sa Pilipinas ng mga sumusunod*

PHILCO Home Appliances ☆ MAYTAG Washing Machines ☆ JOHNSON Outboard Motors ☆ GF Office Equipment ☆ SETH THOMAS Clocks ☆ WESTCLOX Clocks ☆ HAMILTON Watches ☆ ELGIN Watches ☆ GRUEN Watches ☆ AMELIA EARHART Luggage ☆ ROGERS Flatware ☆ HEISY Glassware ☆ INTERNATIONAL Silverware ☆ KREMENTZ Jewelry for men ☆ JAYSON SHIRTS ☆ SHERMAN Shirts ☆ LUCIEN LELONG ☆ CHARLES OF THE RITZ [illegible] ☆ SPALDING Sporting Goods ☆ BRADLEY Lamps ☆ HEACOCK SPECIAL Fountain Pen ☆ [illegible] Appliances ☆ [illegible] Ink ☆ MONROE Calculating Machines ☆ [illegible] ALLEN Typewriters

## Karimlan . . .

(Karugtong ng nasa pahina 8)

—A, ganon. May dugo ka sigurong Hapon.

Hindi tumugon ang babae.

—Kamakailan ay may nagtungo ritong Pilipino, natatandaan mo?

—Natatandaan ko. Noong isang linggo.

—Ano ang ginawa mo sa Pilipino? Bakit mo pinalayas?

—Namimilit siya. Ayaw ko sa kanya.

—Ikaw... pinipilit pa...? Babae, baka hindi mo nalalaman ang iyong sinasabi.

—Hindi ko lamang siya pinalayas kundi tinakot pang isusuplong sa mga Hapon kapag nagbalik.

—Talaga rin namang magaling na babae. Tamang lahat ang sinabi ng kawal sa aming pinuno kung ganon. At kaya nga ako narito'y naatasang humatol sa 'yo.

—Hindi nagsisinungaling ang kawal. — Nagtawa ang babae Malakas ang kanyang pagtawa. Ano pa ang iyong nais malaman? —Muling nagtawa ang babae.

—Talagang tigasing babae. Ginugulat mo 'ko. Tingnan natin ang tigas mo.

—Kamakatlo ay dalawang gerilya ang umalis sa aming himpilan. Hindi pa sila nakababalik. Hindi ba nagpupunta rito?

—Walang nagpupunta rito kundi ang pinalayas ko. Walang nagpupunta rito kamakatlo. Panay Hapon ang narito.

—Ipinahuli mo siguro sa Hapon.

—Walang nagpupunta rito!

—Ipinapatay mo siguro sa mga kaibigan mong Hapon!

—Walang nagpupunta rito.

—Talagang matigas na babae. Pinahahanga mo 'ko — Umismid ang lalaki. Minasdan ang babae. —Hindi ka ba naririmarim sa iyong ginagawa, babae? At sa mga Hapon pa namang kaaway ng ating bayan?

—Hindi ko ikinahihiya ang aking ginagawa. Kinakailangang gawin ko ito.

—Upang madaling kumita ng salapi at magtamasa ng aliw... ano? Magaling.

—Upang masunod ko ang aking sumpa! — Biglang napatigil ang babae.

—Na maging masamang babae, ano? — asik ng lalaki. Muling ngumiti ng pauyam ang lalaki.

—Oo, upang maging kasama-samaang babae. —Humalakhak ang babae. Nguni't walang tinig na namulas sa kanyang mga labi.

—Tumigil ka! Ilang bagay pa, masamang babae. May asawa ka pa ba?

Bahagyang napapitlag ang babae. Hindi siya tumingin sa lalaki.

—Akala ko ba'y nalalaman mo nang lahat?

—Tinatanong kita, babae. May asawa ka pa ba?

—Wala na. —tumungo ang babae.

—Wala na, samakatwid ay dating mayron?

Hindi itinataas ng babae ang kanyang mukha. —Dati. —Mahina ang kanyang pagkabigkas.

—At nang mawala marahil ay naghanap ka agad ng maraming kapalit.

—Pagkamatay niya... —Itinaas ng babae ang kanyang mukha. Nagngangalit ang kanyang bagang.

—Ano ang pangalan ng iyong asawa?

—Ang aking asawa... ang aking asawa... —Humalakhak ang babae. Nalimbag sa kanyang mukha ang isang di-mailarawang lagim. — Ang aking asawa...

—Ano ang pangalan ng iyong kaawa-awang asawang nang mamatay ay pinalitan mo agad ng maraming Hapon...! — Humalakhak ang lalaki.

—Ano nga ba ang pangalan ng aking asawa. —Humalakhak na muli ang babae. —Ano nga ba ang pangalan niya? —Tinanaw ng babae ang lalaki.

—A, masamang babae. Talagang ginugulat mo 'ko. Ni hindi mo na alam ang pangalan ng iyong asawa.

Nagtiim ang bagang ng babae. Sumikad siya sa pagkakahiga.

Nagtawa ang lalaki. —At ayaw mo na yatang alalahanin ang iyong asawa. Danga'y Pilipino marahil.

—Oo, Pilipino ang aking asawa. A, ang aking asawa. Kawal din siyang katulad mo, kung ikaw nga ay isang kawal-Pilipino.

—A, at kawal ka pala ang asawa mo masamang babae. Ano'ng nangyari sa aking kawal? —Wala.

—Anong wala? Nasaan siya ngayon?

—Wala.

—Hindi ka na nahiyang isang kawal pa pala ang iyong asawa'y ganyan pa ang ginagawa mo sa kanyang alaala? Sadyang kasuklam-suklam ka nga.

Nagtatagis ang mga ngipin ng lalaki. Lumikha yaon ng bahagyang kalatis sa katahimikan ng silid. Napansin ng lalaking namumula ang mga mata ng babae.

—Nakukuha mo pang mag-iyak-iyakan. Sadya ngang kailangang patayin ka.

Hindi umiimik ang babae. Nguni't nakataas ngayon ang kanyang mukha.

—Kailangan pa ba akong patayin? Ako... —muling humalakhak ang babae. Nakatutulig ang kanyang halakhak.

—Mayron ba kayong naging anak?

—Naging anak...? Wala. Wala kaming naging anak. —Humalakhak ang babae. Nakatutulig ang kanyang halakhak.

—Buti't nang walang magmana sa iyong kasamaan. — Samandaling tumigil ang lalaki sa pagsasalita. Sa labas, patuloy pa rin ang malakas na ulan. Nagsasayaw ang malilikot na luntiang liwanag sa mga salamin. Tinanaw ng lalaki ang babae. Dahan-dahang lumapit sa babae ang lalaki.

Ngumiti ang lalaki. Minasdan ng lalaki ang babae. Nakabalabal pa rin ng kumot ang babae.

—Utos ng aming pinunong ikaw ay patayin. Nguni't bibigyan kita ng pagkakataon.

—Anong pagkakataon? — Nagsalubong ang paningin ng lalaki at babae.

—Kung papayag ka sa akin... —Muling ngumiti ang lalaki at ibinaba ang kanyang rebolber.

Humalakhak ang babae. — Diyata't kung papayag ako... —Muling humalakhak.

Patuloy sa paglapit ang lalaki. Dahan-dahang ibinababa ng babae ang nakabalabal na kumot sa katawan. Ang mani-

(Buklatin sa pahina 27)







Santos Ocampo Laboratories, Addition Hills, San Juan, Rizal


## Talaang Bughaw . . .

(Karugtong ng nasa pahina 10)

**DIZON, ANACLETO IGNACIO**
* Diyos, Kaluluwa at Buhay (MK-B-14)
** Matapang si Boy (MK-L-26)

**DOMINGO, ALIPIO P.**
* Takas sa Kadiliman (MK-I-1)

**EUSEBIO, SIMPLICIO MA.**
** Suklam sa Tuwa (T-I-22)

**EVANGELISTA, LUCILA A. CASTRO**
* Pag-ibig (MK-L-5)

**FERNANDEZ, VICTOR S.**
* Hindi Nakatiis (MK-B-14)


**FUENTES, ROSARIO OCAMPO**
* Paghamak (T-I-8)

(Itutuloy sa susunod na Linggo)



NAIIBIGAN
NAMIN
ANG
QUALITY
Pepsi-Cola
REG. PHIL. PAT. OFF.
QUANTITY
LALONG
MABUTI
LALONG
MASARAP
Ang Lalong Malaki
At Masarap na
Pangpalamig

# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**


1. Pang-abay na pananong
6. Hayop na likas sa Rusya
8. Pansamantalang pinuno ng PC
13. Ginapas
14. Nayon sa Batangas
15. Wala na sa isip
16. Pabalik sa bahay
17. Siguro (kinaltas ang unang titik)
18. Yate ng pangulo
20. Ahensiya sa pagsisiyasat (pantitik, sa ingles)
22. Damong matalas (huling pantig)
23. Siya... (panalangin)
26. Laban, sige
27. Gumulo
30. Jose
31. May uri na puting metal
32. Bantog na astrologong taga-Biyena
34. Malikaw na pangungusap
35. Bayan sa ilog Han, Korea
37. Hinagis (kinaltas ang unang pantig)
38. Ingay ng tren
39. Nakagawa ng di-tumpak
40. Tigil, ng bagyo
43. Pait
47. Bisig ng mag-anak
48. Tinapay
50. Tatak ng sepilyo sa ngipin
52. Suksok (isang hati)
53. Tindahan ng mga damit at iba pa
55. Himok
57. Si "Roberta" ng Sampaguita Pictures
58. Halili
59. Ayos, kasuutan
60. Ginto
61. Kakambal na anyo


**PABABA**

1. Padalang salita
2. Ang sabi nila
3. Mangkok
4. Pansin
5. Butihing ginang ni Pancho Magalona
6. Bayan sa Norwega
7. Bayan sa kanlurang Korea
8. Kopya
9. Nilalang sa tadyang
10. Naging reyna ng Albanya sa awit ni Balagtas
11. Yarin
12. ...Linda (bituing babae)
19. Huklandiya
21. Lapag-panhikan
24. Tiya
25. Isang pangalan ng relihiyon
26. Kagalanggalang (iniklian)
28. Hihingi ng ambag
29. Dadaloy
30. Pagkaing hawayano
33. Katagang panlaping nagsasaad ng pangnagdaan
36. Na sa bungad
38. Pinatuyong balat (huling pantig)
40. Awa
41. Pagsikat ng araw
42. Dating lunsod ng Rizal
44. Ibalik
45. Kawayang pantuon na gamit sa kasko
46. Damit ng pare
48. Damit pandalo ng lalaki nang panahon ng kastila
49. Pinagmulang-angkan
50. Mabangis na baka
51. Apuhap
54. Maikling pangalang babae
56. Lasahan (huling pantig)

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot Sa Nakaraan





## Mga nanalo sa Palaisipan noong Marso 11

1. *Manuel Florencio* — Sta. Elena, Marikina, Rizal
2. *Flor Fresco* — Mahayhay, Laguna
3. *M. Liberato* — 2678 Int. 6 Herran, Sta. Ana, Maynila
4. *Bb. Leonida San Luis* — Naval, Malabon, Rizal
5. *Vicente A. de Revuelta* — 1230 Int. 4, Sn. Andres, Malate, Mla.

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panglinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng *PALAISIPAN* ay hindi pahahalagahan. • Ang mga nanalo na sa *PALAISIPAN* na wala pang tatlong buwan ang nakaliipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)

# Anong pagkarilag-rilag na kutis!


## "Lagi akong gumagamit ng Camay"

**ANANG KAIBIG-IBIG NA SI NORMA BUENAOBRA**

"Ang kaiga-igayang pinabangong bula ng Camay ay nagdudulot sa aking kutis ng isang marilag at tulad-ng-larawang kagandahan na lumalabas na kasiya-siyang pambabae sa loob at labas ng puting tabing. Oo, siyang tunay! Malaki ang pasasalamat ko sa Camay . . . simula pa sa aking kaunaunahang pastilya."

SA INYONG UNANG PASTILYA NG CAMAY — kayo man, ay hahanga sa isang bagong kagandahan ng kutis. Kayat gumamit na ngayon ng marangyang pinabangong bula ng Camay . kayo ay magiging kahali-halina na taglay ang isang malambot, makinis "tulad ng sa mga bituin sa pinilakang tabing," na kutis na pinatingkad ng kaiga-igayang halimuyak ng Camay. Ang Camay ay matipid pa rin.






Jewels—Rebullida, Inc.
Gown—Tres Chic



**CAMAY PATI SA PALILIGO!**

Maiibigan ninyo ang namamalaging halimuyak ng Camay Malaon na kayong nakapaligo ay nananatili pa rin ang kasariwaang tulad ng bulaklak isang mahinhing bango na naka-aakit sa kalalakihan

**ITINATANGI NG MGA BITUIN**

# CAMAY

*Ang Sabon ng Kagandahan*

## *Talaang Bughaw . . .*

pang-isiping mahalaga. Sa pagbubukod na iyan ay di sasalang makikita, na ang kathang karaniwa'y nangangahulugang may uri din naman, at nakaigpaw na sa mga unang sukatan--- kung taal na kuwento ang isang akda na ikinaiba niyan sa kathang salaysay, anekdota at iba pang uring sakop ng pagsasalaysay sa kalahatan. Kaya maaaring sabihin, lalo sa paggagawad ng pasiya, na hindi sapat ang kahusayang makatuntunin at makakaanyuan sa isang katha upang ito kaagad ay kilanling pampanitikan. Ang tuntunin, sa maayos na pagsulat lalo na, ay malaking tulong, bakit nga hindi, subali't iyan ay panimula lamang sa mahabang yagyagin sa Panitikan. Ang sining, kahit sa pagkatha, ay nasa dako-pa-roon na ang kaluluwa ng Buhay ay hubad sa kagaraang-panlipunan; at saka pa lamang marahil maaaring masalat ang kaibuturan niyang madalas ay nakakubli sa mata ng karaniwang tao. Subali't ang isang tunay na manlilikha ay hindi karaniwan: iyan ang dahilan kung bakit siya naiiba sa marami.

**PAGKILALA NG KALAMNAN.** Tungo sa ikakikilala kung mayroon o walang kalamnan ang isang akda, maaaring itanong sa sarili ang ganito: **Ano ang ibig sabihin ng awtor?** Walang maaaring makautlaw, bilang katugunan sa tanong, kundi ang nauukol at may kaugnayan sa pang-isipin (idea). Sa luma o bago, o sa kung luma man ay napagmukhang bago, ang pang-isipin sa akda, iyon ay nasa kakayahan ng awtor bilang manlilikha. Samakatuwid, ang isang katha, at kathang pampanitikan, ay maaaring maging katamtaman, mainam, napakainam, o dakila kaya, ayon sa kung dahil sa kalamnan ay napagitaw ang pang-isiping mahalaga, at kahalagahan ng pang-isiping may buhay na pumipintig, kundi man pumipitlag.

Ang kalamnan ng akda, sa ibang pangungusap, ay hindi yaong madalas pagkamalang sabihing nilalaman (content) bagaman sa talatinigan ni Ingkong Webster ay tinatanggap na magkasingkahulugan. Subali. sa kapakanan ng panitikang sumisibol, at ang maikling katha'y nangunguna sa lakad, wika nga, ang nilalaman at ang kalamnan ay kailangang bigyan ng kani-kanyang saklaw, na ang sakop ng isa ay hindi pumapatong sa sakop ng isa. Ganito ang hamon (kung hamon) sa matuwid na mabuti nang huwag makapagpatuloy sa kapamuhayang pampanitikan ang pagtinging malabo na'y pasulipat pa at aampang-ampang na pagkilala.

Samantalang ang kalikasan ng nilalaman ay nasa labas ng awtor, ang sa kalâmnan ay lakas at kapangyarihang nasa loob ng mapaglikhang awtor, at lakas na nagtatagumpay (o hindi) alinsunod sa kung ang gayong pagsisikap ay nakalikha ng buhay na katotohanang maáaring manikit sa isip at sa damdamin sa loob ng mahahabang mga araw, mga buwan o kahit na mga taon. Ang kalamnan ay masasabing pamamaraan din ng awtor kung papaano niya mapagiging dakila (sukdulan na ito) sa paningin ng Buhay ang isang bagay na karaniwan, pagsasagawang walang kinakasangkapan kundi ilang tala o pangyayari sa harap niya. Ang manlilikha sa gayon ay walang ginagawa kundi ang humila, o huwag humila ng gayon at ganitong pasing tali ng bawa't tala o pangyayari X

